# MAHAL KA NG DIYOS



TAGALOG: "GOD LOVES YOU"

# MAHAL KA NG DIYOS

Carmel R. Field

Prayer Poems

L. Jeter Walker

Illustrations

Rosalie Pickering and Ruby Schell

International Correspondence Institute
Philippine National Office
P.O. Box 1084
Manila, Philippines

Copyright © 1972
International Correspondence Institute
P.O. Box 1084
Manila. Philippines

EV6000-7A

Scripture quotations from the following sources are used by permission:

*The Holy Bible, The New Berkeley Version in Modern English*, © 1969, Zondervan Publishing House, Grand Rapids, Michigan.

*Living Books of Moses*, © 1969, Tyndale House Publishers, Wheaton, Illinois 60187.

*Today's English Version* of the New Testament, Copyright © American Bible Society 1966.

# MGA NILALAMAN


| Aralin | | Pahina |
|---|---|---|
| 1. | Ikaw ay Kilala at Mahal ng Diyos | 7 |
| 2. | Ginawa ng Diyos ang Tinitirhan Mong Daigdig | 13 |
| 3. | Ikaw ay Nilalang ng Diyos | 19 |
| 4. | Tutulungan Ka ng Diyos na Maging Mabuti | 25 |
| 5. | May Malasakit ang Diyos sa Pakikitungo Mo sa Iba | 31 |
| 6. | Ikaw ay Dadalhin ng Diyos sa Langit | 37 |
| 7. | Ililigtas Ka ng Diyos | 49 |
| 9. | Ang mga Dalangin Mo ay Naririnig ng Diyos | 55 |
| 10. | Papatnubayan Ka ng Diyos | 61 |
| 11. | Sinugo ng Diyos ang Kanyang Kordero Upang Iligtas Ka | 67 |
| 12. | Ikaw ay Patatawarin at Tutulungan ng Diyos | 73 |
| 13. | Sasaiyo ang Diyos | 79 |
| 14. | Ang Diyos ay Lalong Higit Mong Makikilala | 85 |









Mahal na Estudyante,

Malugod ka naming tinatanggap sa pamilya ng International Correspondence Institute! Pinag-aaralan din ng ibang mga bata sa maraming bansa ang mga araling ito. Gayon din ang kanilang mga magulang at nakatatandang mga kapatid. Bakit? Pagkat ibig nilang alamin ang tungkol sa mga dakilang babae at lalaking nabuhay noong araw. At dahil din sa kawili-wiling tingnan ang mga larawan at gawin ang mga ipinagagawa sa bawat aralin.






Higit sa lahat, maiibigan mo ang mga araling ito pagkat matututo ka ng tungkol sa Diyos. Mahal ng Diyos ang mga taong mababasa mo rito. Marami Siyang ginawang kahanga-hangang mga bagay para sa kanila. Gayon din ang Diyos sa iyo.

Ang mga aralin ay madaling unawain. Ito'y tungkol sa mga taong mababasa mo sa Biblia. Ang mga talata sa Biblia na ginamit dito'y mula sa mga salin na pinakamadaling unawain.






Kalakip nito'y may tinanggap kang munting aklat na tinatawag na "Ulat ng Estudyante: Mahal Ka ng Diyos." Kung hindi mo natanggap ito, hingin sa International Correspondence Institute, P.O. Box 1084, Manila.



Pagkatapos mo ng bawat aralin sa MAHAL KA NG DIYOS, buksan mo ang Ulat ng Estudyante. Gagawin mo ang sinasabi ng aralin.

Sinasabi ng iyong Ulat ng Estudyante kung paano ka makatatanggap ng isang magandang sertipiko. Kung nag-aaral kang kasama ng marami, sasabihin ng inyong guro ang dapat mong gawin.

Ang buong pamilya mo ay maaaring nagnanais mag-aral din nito.
May bahagi sa iyong Ulat ng Estudyante na tinatawag na kawili-wiling gawin.
Mayroon doong para sa bawat isa: mga bata, kabataan, at matatanda. Gawin mo ang bahaging ibig mo roon.








Kung marami ang gagamit ng aklat na ito, isulat sa papel ang iyong mga sagot at huwag sa aklat. Ngunit humingi ng mga sipi ng Ulat ng Estudyante: Mahal Ka ng Diyos. Sa gayon, masusulatan ng bawat isa ang sarili niyang ulat ng estudyante at makatatanggap ng kanyang sertipiko.

Kung may mga tanong ka tungkol sa mga aralin, isulat ito at ipadala sa akin, sa panahon na ipadadala mo ang iyong Ulat ng Estudyante. Magalak kitang tutulungan.

Sumasaiyo,

*Ang iyong Guro*

Aralin 1



# IKAW AY KILALA AT MAHAL NG DIYOS

**Ito ang pag-aralan — Tungkol sa DIYOS**

Ang Diyos ay may isang aklat na tinatawag na Biblia. Sinasabi ng Diyos ang katotohanan tungkol sa Kanya sa Biblia. Ang Diyos ay hindi nagbabago. Magagawa ng Diyos ang anuman. Ginawa Niya ang sanlibutan. Ang Diyos ay nasa lahat ng dako at alam Niya ang lahat. Ikaw ay nilalang ng Diyos. Kilala ka Niya. Mahal ka Niya. Ang Diyos ay mabuti. Kapag kilala mo Siya, mamahalin mo Siya.




Mula sa Biblia ang mga salitang ito. Basahin mong malakas nang 5 ulit.

**Ang Diyos ay pag-ibig. Umiibig tayo sapagkat ang Diyos ang unang umibig sa atin. 1 Juan 4:16, 19.**

MAGAGAWA MO BA ITO?

Isulat ang mga titik na kabuuan ng tamang sagot.

1. Bakit mahal natin ang Diyos?

   Sapagkat Siya ang u.........u......... .. atin..

2. Aling aklat ang nagsasabi ng katotohanan tungkol sa Diyos?

   Ang B. ............

**Ito ang mga tamang sagot**

1. unang umibig sa 2. Biblia

Ito ba ang mga salitang isinulat mo sa mga puwang?

**Sinasabi sa Biblia kung ano ang Diyos.**

Guhitan ang lahat ng salita mula sa • hanggang sa • tulad nito:

• Ang Diyos ay hindi nagbabago •

Bago nagkaroon ng sanlibutan, bago nagkaroon ng langit at mga ulap, • bago nagkaroon ng araw, buwan, at mga bituin, mayroon nang Diyos. •




**Magagawa ng Diyos ang anuman. Ginawa ng Diyos ang sanlibutan.**



Ginawa ng Diyos ang mga bato at mga bundok. Ginawa ng Diyos ang mga dagat at mga ilog. Ginawa ng Diyos ang mga puno at mga bulaklak. Ginawa ng Diyos ang mga hayop at mga tao. • Ikaw ay nilalang ng Diyos. •

**Sinasabi ng Biblia na ang Diyos ay nasa lahat ng dako.**

Ang Diyos ay nasa palibot mo gaya ng hangin na iyong nilalanghap. Hindi mo nakikita ang hangin. Hindi mo nakikita ang Diyos. Naririnig ka ng Diyos. Ang Diyos ay makikipag-usap sa iyo

Ikaw ay kilala at mahal ng Diyos.



**Sinasabi ng Biblia na nalalaman ng Diyos ang lahat.**

Nakikita ng Diyos ang lahat ng ginagawa mo. Naririnig ng Diyos ang lahat ng sinasabi mo. • Alam ng Diyos ang lahat ng iniisip mo at nadarama. Alam ng Diyos ang pinakamabuti para sa iyo. Alam ng Diyos ang katotohanan ng lahat ng bagay. Sinasabi sa iyo ng Diyos ang katotohanan sa Biblia.







Minamahal ka ng Diyos kung paanong ikaw ay nilikha Niya.

May mga taong may pekas sa mukha. May mga taong kulot ang buhok. May mga tao namang unat ang buhok.

May mga taong pandak at mataba. May mga taong matangkad at payat.

Walang anuman ito.

•Mahal ka ng Diyos anuman ang anyo mo.



Isulat sa puwang ang iyong pangalan.

Mahal ng Diyos si . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .



Sinasabi ng Biblia na ang Diyos ay mabuti.

Nais ng Diyos na matulungan ka. **Nais** ng Diyos na masaya at malusog ka. Nais ng Diyos na maging matalino at malakas ka • Nais ng Diyos na gawin kang mabait at matulungin.•

**Kapag kilala mo ang Diyos, Siya'y iyong mamahalin.**

Nais ng Diyos na mahalin mo Siya kung paanong ikaw ay mahal Niya. • Ang mga araling ito ay tutulungan kang makilala at mahalin ang Diyos.•

Ibig mo bang makilala ang Diyos? . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ibig mo bang maging masaya at malusog? . . . . . . . . . . . . .

Ibig mo bang maging matalino at malakas? . . . . . . . . . . . . .

Ibig mo bang maging mabait at matulungin? . . . . . . . . . . . . .

• Maaari kang makipag-usap sa Diyos.•
Nariyan sa tabi mo ang Diyos at makikinig sa iyo.
Ang pakikipag-usap sa Diyos ay pananalangin.
Pag-aralan ang panalanging ito at sabihin sa Diyos.



**Panalangin:**

Ibig kitang makilala, Diyos.
At mahalin din, gaya ng pagmamahal Mo sa akin. Kaya tulungan Mo akong matutuhan ang mga araling ito, At gawin Mo ako ayon sa nais Mo.

**Ngayon, kunin mo ang iyong Ulat ng Estudyante para sa MAHAL KA NG DIYOS at gawin ang ipinagagawa sa iyo.**

**International Correspondence Institute**
**Phil. National Office, P.O. Box 1084. Manila**

# Paano Sasagutin ang Iyong Ulat ng Estudyante at Eksamin

INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE
PHILIPPINE NATIONAL OFFICE — P. O. BOX 1084 — MANILA

**Kunin ang iyong aklat**



Kunin ang iyong aklat na MAHAL KA NG DIYOS. Basahin ang sulat sa pahina 5. Pag-aralan ang Aralin 1. Gawin ang anumang ipinagagawa sa iyo.



Gawin ang anumang ibig mo sa bahaging Kawili-wiling Gawin. Isulat nang malinaw ang iyong pangalan at tirahan. Sagutin ang mga tanong tungkol sa aralin.






Kung di mo masagot ang isang tanong, basahin uli ang aralin sa MAHAL KA NG DIYOS hanggang makita mo ang sagot. Saka ito isulat sa Ulat ng Estudyante.

Pagkatapos mo ng aralin 1 at nasagot ang iyong unang Ulat ng Estudyante at Eksamin, ipagpatuloy mo ang Aralin 2 ng MAHAL KA NG DIYOS. Gawin iyon sa lahat ng mga aralin gaya ng ginawa mo sa aralin 1.



## PAANO MATATANGGAP ANG IYONG SERTIPIKO

Pagkatapos mo ng tatlong aralin, ilagay ito sa isang sobre at ipadala sa International Correspondence Institute. Isulat sa gawing kaliwa ng sobre ang iyong pangalan at tirahan.






Muling basahin ang mga pahina ng unang tatlong aralin sa iyong Ulat ng Estudyante para matiyak na nasagot mo nang tama. Ito ay ilagay sa sobre.

Lagyan ng tamang selyo ang sobre at ipadala sa amin. Lalagyan ng marka ang mga aralin at ibabalik sa iyo.






Gayon din ang gawin sa susunod na mga aralin hanggang matapos ang kurso. Pagkatapos niyon, ikaw ay tatanggap ng sertipiko Kung ikaw ay nasa isang klase sasabihin ng guro ang nararapat mong gawin at siya ang magpapadala ng mga aralin.

Itago ang pahinang ito at ang iyong araling minarkahan. Ilakip sa takip ng Ulat ng Estudyante. Talian ng pisi estambre, o laso kaya. Masiyahan habang pinag-aaralan ang MAHAL KA NG DIYOS.



ARALIN 1

International Correspondence Institute

# IKAW AY KILALA AT MAHAL NG DIYOS

## KAWILI-WILING GAWIN

**Kulayan ang mga larawan.**

Kulayan ang mga batang mula sa iba't ibang bansa.



**Malinaw na Isulat:**

Ang pangalan mo ...........................................

Tirahan ...........................................

Gulang ...............Babae o Lalaki ......................

Petsa ng ipadala ...........................................

Hanapin ang tamang sagot.

Basahin muna ang pangungusap. Pagkatapos, tignan ang talaan ng mga salita sa gawing kanan hanggang makita mo ang salitang dapat isulat sa puwang. Pagkasulat sa puwang, guhitan ang salita:

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Ang aklat na nagsasabi sa iyo ng katotohanan tungkol sa Diyos ay ang Biblia. | mga aralin |
| 2. | . . . . .ka ng Diyos kahit sino ka pa. | mahalin |
| 3 | Ang.... . ....ito'y makatutulong para makilala mo at ibigin ang Diyos | mahal |
| 4. | . . ........ang gumawa ng sanlibutan. | Nais |
| 5 | . . . . . .ng Diyos na maging malusog ka at masaya | |
| 6. | Ibig ng Diyos na siya'y.. ... . . . mo. | anuman |
| 7. | Ang Diyos ay mabuti at ibig niyang . . . . . . . | bumuti |
| 8. | Nasa lahat ng lugar ang Diyos at magagawa ang . . . . . . . . . . | Diyos |

IKAW AY MAKATUTULONG SA IBA.

Ibig kaya ng mga kaibigan mo na mag-aral nitong MAHAL KA NG DIYOS? Isulat dito ang kanilang pangalan at tirahan. Padadalhan namin sila ng mga aralin. Gumamit ng ibang papel kung kailangan.

Pangalan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Tirahan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .


Ginawa mo ba ang lahat sa araling ito? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Marka . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084 MANILA

ARALIN 2



# GINAWA NG DIYOS ANG TINITIRHAN MONG DAIGDIG

**Tungkol sa Diyos — Ang Ating Pag-aralan**

Magagawa ng Diyos ang di magagawa ng kahit sino.

Ang Diyos ay nakalilikha — ng bagay buhat sa wala.
Ginawa ng Diyos ang daigdig sa loob ng anim na araw.
Ginawa ng Diyos ang isang mabuting daigdig upang tirahan mo.
Ginawa ng Diyos ang anim na araw para sa paggawa at isang araw naman para sa pahinga.
Sinasabi sa iyo ng Diyos sa Genesis kung paano Niya ginawa ang daigdig.
Ang Genesis ay nasa unang bahagi ng aklat ng Diyos—ang Bibliya.




**Basahin ito sa Biblia**
**Malakas mong basahin nang 5 ulit**

**Nang pasimula'y nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa. Genesis 1:1**

**Magagawa mo ba ito?**

Isulat ang mga titik na kabuoan ng tamang sagot.

1. Ano ang nagagawa ng Diyos na hindi kaya ng kahit sino?

   Ang Diyos ay nakal... ... ... ng bagay buhat sa wala.

2. Saan sinasabi ng Diyos kung paano niya ginawa ang daigdig?

   G... ... ..., nasa unang bahagi ng B... ... ...


**Mga Sagot**
**1. nakalilikha 2. Genesis, Biblia**

**Ginawa ng Diyos ang daigdig sa loob ng anim na araw.**

Ginawa ng Diyos ang isang daigdig na kahanga-hanga upang tirahan ng mga tao.
Nang una'y walang anumang kaayusan ang lupa. Napakadilim sa lupa gaya ng gabing madilim na madilim.
At kumilos ang Diyos kaya nagkaroon ng kaayusan ang lupa. Nagsalita ang Diyos at nagkaroon ng liwanag. Tuwing magsasalita ang Diyos, may nalilikhang bagay.

Kunwari, nagmamasid ka habang nililikha ng Diyos ang daigdig. Guhitan ang lahat ng mga salita mula sa • at hanggang • Kinuha ito sa Genesis na nasa unang bahagi ng Biblia.

**Unang araw**



•Sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag," •

**Ginawa ng Diyos ang araw at ang gabi.**

**Ikalawang araw**





•Sinabi ng Diyos, "Mahiwalay ang mga ulap para maging langit sa itaas at magkaroon ng lupa sa ibaba •

**Inihiwalay ng Diyos ang langit mula sa tubig.**

## Ikatlong araw



• Sinabi ng Diyos, "Ang mga tubig sa silong ng langit ay matipon sa karagatan.' •

**Ginawa ng Diyos ang lupa, dagat, mga puno at mga bulaklak.**


## Ikaapat na araw



• Sinabi ng Diyos, "Magkaroon ng maliliwanag na ilaw sa langit." •

**Ginawa ng Diyos ang araw, buwan, at mga bituin.**

## Ikalimang araw



• Sinabi ng Diyos, "Sumagana sa mga tubig ang mga isda.,.at magkaroon ng mga ibon ang himpapawid. •

**Ginawa ng Diyos ang lahat ng isda at mga ibon**

## Ikaanim na araw



• Sinabi ng Diyos, ' Ang lupa'y litawan ng lahat ng uri ng hayop •

**Ginawa ng Diyos ang lahat ng hayop.**



• Sinabi ng Diyos, "Ating lalangin ang tao na kawangis natin.' •

**Ginawa ng Diyos ang unang lalaki at babae.**

**Ginawa ng Diyos ang isang mabuting daigdig para tirahan mo.**

Tiningnan ng Diyos ang lahat ng bagay na ginawa Niya. Ang lahat ay napakabuti. Napakaganda ng daigdig. Masayang-masaya ang Diyos.

**Ginawa ng Diyos ang anim na araw para sa paggawa at isang araw naman para sa pahinga.**



Sa ikapitong araw ay nagpahinga ang Diyos. Ginawa niyang maging araw ng pahinga ang ikapitong araw. Ang araw ng pahinga ay ginawa ng Diyos para sa atin.

Anim na araw tayong gagawa. Sa ikapitong araw ay magpapahinga tayo. •Pumupunta tayo sa bahay ng Diyos kapag araw ng pahinga. Ikaw ba'y nagpupunta sa bahay ng Diyos?

•Sa bahay ng Diyos ay nakikipag-usap tayo sa Diyos at nag-aaral ng tungkol sa Kanya.• Nakikipag-usap din tayo sa Diyos sa tahanan kapag tayo'y nananalangin.

Nagagalak ka ba na ang daigdig ay ginawang maganda ng Diyos? Nagpasalamat ka na ba sa Diyos dahil sa paglalang sa iyo?

**Pag-aralan ang panalanging ito at sabihin sa Diyos:**



Panalangin:

Diyos, salamat po sa daigdig, Sa paggawa mo ng lahat ng bagay na nakikita ko, Sa mga araw ng paggawa at sa araw ng pahinga; At salamat po, O Diyos, na ako'y nilalang Mo.

**Ngayon, sagutin mo na ang ulat ng estudyante para sa aralin 2.**

International **Correspondence Institute**
Phil. National Office, P.O. Box 1084, Manila

ARALIN 2



# GINAWA NG DIYOS ANG TINITIRHAN MONG DAIGDIG

## KAWILI-WILING GAWIN

Magdrowing ka ng isang bagay na ginawa ng Diyos.

Sa bawat puwang ay magdrowing ng isang bagay na ginawa ng Diyos sa araw na iyon. O kaya, idrowing sa ibang papel saka idikit sa tamang puwang.

| Unang Araw | Ikalawang Araw |
|---|---|
| Ikatlong Araw | Ikaapat na Araw |
| Ikalimang Araw | Ikaanim na Araw |

**Bilugan ang bilang ng araw nang lalangin ng Diyos ang daigdig**

1. 1 6 10 8 365

**Sagutin ang mga ito.**

2. Ano ang ginawa ng Diyos sa ikapitong araw? ..................

3. May kapilya ba o bahay ng Diyos na malapit sa tirahan mo? ..........................................

4. Nagpupunta ka ba sa bahay ng Diyos? ..................

5. Pinasalamatan mo na ba ang Diyos pagkat ikaw ay kanyang nilikha? ..........................

**Lumabas ka at tumingin sa palibot. Isulat ang mga bagay na nakita mong nilikha ng Diyos.**

1. .................................... 6. ....................................

2. .................................... 7. ....................................

3. .................................... 8. ....................................

4. .................................... 9. ....................................

5. .................................... 10. ....................................

**Pinasa**lamatan mo na ba ang Diyos sa paglikha ng mga ito? ..........................

Kung hindi, gawin mo na ngayon.

Ginawa mo bang lahat ang nasa araling ito? ..........
Malinaw na isulat ang iyong pangalan ..........................

**Marka** ..........................................

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084, MANILA

ARALIN 3



# IKAW AY NILALANG NG DIYOS

**Tungkol sa Diyos — ang ating Pag-aralan**

Ang unang lalaki at babae ay nilalang ng Diyos na kawangis Niya. Ibig ng Diyos na sila'y maging mga anak Niya. Mahal ng Diyos ang kanyang mga anak at iniingatan sila. Ikaw ay nilalang din ng Diyos at ibig Niyang maging anak Niya. Magiging maligaya ka kung gagawin mo ang nais ng Diyos na iyong gawin.




Basahin ito sa Biblia
Malakas mong basahin nang 5 ulit

**Hinugisan ng Diyos ang katawan ng tao buhat sa alabok ng lupa at hiningahan ito ng hininga ng buhay. At ang tao'y naging katauhang nabubuhay. Genesis 2:7**

Magagawa mo ba Ito?

Isulat ang mga titik na kapupunan. Kabuoan ng tamang sagot

1. **Ano ang ginamit** ng Diyos sa paglalang sa unang tao?

   Ang a.......ng 1.....

2. Ano ang nais ng Diyos para sa iyo?

   Maging a Niya.

Mga Sagot

1. alabok, lupa 2. anak

**Ginawa ng Diyos ang unang tao na kawangis Niya**

Guhitan ang mga salita mula sa • hanggang •

Ginawa ng Diyos ang unang tao mula sa alabok ng lupa.
Hiningahan ng Diyos ng Kanyang hininga ang tao.
Adan ang ipinangalan ng Diyos sa unang tao.
• Si Adan ay kawangis ng Diyos sa maraming bagay.•

Si Adan ay  nakakakita at  nakaririnig.

Si Adan ay  nakalalakad at  nagsasalita.

Si Adan ay  nakagagawa at nakapaglalaro.


Si Adan ay nakaiisip at nakadarama.
Si Adan ay nagmamahal sa Diyos, gaya ng pag-ibig ng Diyos sa kanya.
• Si Adan ay naging anak ng Diyos.•


**Minahal ng Diyos si Adan at iningatan.**

Ang Diyos ay gumawa ng magandang tahanang hardin para kay Adan.
Tinawag niya ang Hardin na Eden.
Mayroon doong malilim na mga puno maririkit na bulaklak.
May mga bukiring luntian at mga ilog na malamig ang tubig.
Maraming magagandang ibon at maaamong hayop.
Marami ring bungang-kahoy na makakain doon.
• Lahat ng bagay na ginawa ng Diyos ay mabuti.•
Si Adam ay tumira sa isang daigdig na walang kapintasan.



•Binigyan ng Diyos si Adan
ng gawain•
**Binigyan siya ng** Diyos ng gawain
ng mga kamay.
Si Adan ang nag-aalaga ng magandang **hardin**
Binigyan siya ng Diyos ng gawain
upang gamitin ang isip.
Si Adan ang nagpangalan sa lahat
ng mga hayop at ibon.
Tinulungan ng Diyos si Adan na
maging maayos ang paggawa.
•Masayang-masaya si
Adan sa paggawa
ng anuman ipinagagawa ng
Diyos.•






Ibig ni Adan na malugod ang Diyos sa
kanya. Bawat araw ay dumadalaw
sa hardin ang Diyos. Nag-uusap
ang Diyos at si Adan. Ang Diyos at
si Adan ay nagmamahalan.

Kinagiliwan ni Adan ang mga
maaamong hayop. Kinagi-
liwan ni Adan ang mga
magagandang ibon.
Kinagiliwan ni Adan ang makipag-
usap sa Diyos.
Ngunit may ibang kailangan si Adan.
Alam ng Diyos kung ano ang ka-
ilangan ni Adan
• Laging nalalaman ng Diyos ang
kailangan ng kanyang mga anak•

Si Adan ay pinatulog ng Diyos.
Mula sa tagiliran ni Adan, ang Diyos ay
kumuha ng isang tadyang.
Mula sa tadyang ay ginawa ng
Diyos ang isang babae.
**Ang**babae ay tutulong kay Adan
upang maging masaya.



Ginising ng Diyos si Adan at ipinakita ang babae.
Minahal ni Adan ang babaing bigay sa
kanya ng Diyos.
Siya'y tinawag ni Adan
na Eba.
Si Eba ang naging
asawa ni Adan.
Sina Adan at Eba ang mga unang tao sa daigdig.

• Sina Adan at Eba ay maligaya sa Eden.
Mahal nila ang kanilang magandang tahanan.
Nagmamahalan sila sa isat isa.
Mahal nila ang Diyos.
•Sina Adan at Eba ay magkasamang nakipag-usap sa Diyos at lumakad na kasama Niya. •

**Ikaw ay nilalang din ng Diyos at ibig niyang maging Anak ka Niya**

Hindi ka ginawa ng Diyos na malaki kaagad na gaya ni Adan.
Ikaw ay ginawa munang isang sanggol.
Binigyan ka ng Diyos ng ama at ina upang mag-alaga sa iyo.
•Mahal ka ng Diyos na gaya ng pagmamahal niya kay Adan.
Ibig na Diyos na Siya'y maging iyong Ama rin. •



**Ibig ng Diyos na maging maligaya ka.**

Mayroon kang mga gawa-in para sa iyong mga kamay at isip. Sikapin mong mapagbuti ang iyong gawain.

Sikapin mong magbigay lugod sa Diyos gaya ng ginawa ni Adan. Magiging maligaya ka habang ginawa mo ang ipinagagawa sa iyo ng Diyos. •

Ibig mo bang tulungan ka ng Diyos sa iyong gawain? Isaulo mo ang panalanging ito at sabihin sa Diyos tuwing umaga.

**Panalangin**
Salamat po, O Diyos, sa paggawa't paglalaro,
Ako po'y tulungan sa mga gawain ko.
Ngayon po, O Diyos, ang aking hiling
Ay tulungan ako sa lahat ng aking gagawin
at sasabihin.



**Sagutin ngayon ang Ulat ng Estudyante para sa Aralin 3.**

International Correspondence Institute
Phil. National Office, P.O. Box 1084, Manila


ARALIN 3

# IKAW AY NILALANG NG DIYOS

## KAWILI–WILING GAWIN

**Hanapin ang isang bagay na pinangalanan ni Adan.**

Simulan sa bilang 1 at pagdugtung-dugtungin ang mga tuldok ayon sa pagkakasunud-sunod ng bilang.



**Bilugan ang tamang sagot.**

| | |
|---|---|
| 1. Sino ang unang tao? | Abel Adan Eba Noe |
| 2. Sino ang unang babae? | Eden Adan Eba Abel |
| 3. Ano ang pangalan ng hardin? | Adan Eba Eden |
| 4. Ibig mo bang gumawa? | oo hindi kung minsan |
| 5. Nagpapatulong ka ba sa Diyos? | oo hindi kung minsan |
| 6. Sisikapin mo bang malugod ang Diyos sa iyong paggawa? | oo hindi. |

**Sagutin ang mga ito.**

7. Maligaya ba si Adan o malungkot nang gawin niya ang ipinagagawa ng Diyos? . . . . . . . . . . . . . . . . .

8. Magiging maligaya ka ba o malungkot pag ginawa mo ang ipinagagawa sa iyo ng Diyos? . . . . . . . . . . . .

9. Anong uri ng gawain ang iyong ginagawa? . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Ang Biblia ay Aklat ng Diyos, mayroon ka bang Biblia?**

O bahagi lamang ng Biblia? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Kung mayroon kang Biblia nagbabasa

ka ba nito araw-araw? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Mga tanong, puna,** kahilingan sa panalangin:

Isulat dito ang anumang tanong o puna sa mga aralin, o anumang bagay na ibig mong idalangin ng iyong guro.

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ginawa mo bang lahat ang nasa araling ito? . . . . . . . . . . . . .

Basahin muli ang iyong Ulat ng Estudyante para sa aralin 1, 2, at 3 para matiyak na may sagot ang lahat ng tanong. Ipadala ito agad sa amin. Ilagay ang tamang halaga ng selyo sa sobre. HUWAG ipadadala ang iyong aklat. Susuriin namin ang iyong Ulat ng Estudyante at ibabalik sa iyo.

Malinaw na isulat ang iyong pangalan . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Marka . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084, MANILA

ARALIN 4

# TUTULUNGAN KA NG DIYOS NA MAGING MABUTI



Tungkol sa Diyos – Ang Ating Pag-aralan

Itinuturo ng Diyos sa kanyang mga anak ang paggawa ng mabuti. Sinisikap ng kumakalaban sa Diyos na magkasala ang tao. Nahiwalay sa Diyos sina Adan at Eba dahil sa kasalanan. Mahal ka pa rin ng Diyos kahit nakagawa tayo ng masama. Sinasabi sa iyo ng Diyos mula sa Bibliya, ang dapat mong gawin.




Basahin ito sa Biblia

Malakas mong basahin ng 5 ulit

**Tinagubilinan ng Diyos ang lalaki: Maaari kang kumain ng bunga ng bawat puno sa hardin; ngunit huwag kang; kakain ng bunga ng puno ng pagkakilala ng mabuti at ng masama; sa araw na iyon ay kanin mo, tiyak na mamamatay ka. Genesis 2:16,27.**

Magagawa mo ba ito?

Bilugan ang tamang sagot, gaya nito:

1. Ibig ng Diyos na maging ano ang kanyang mga anak?
   mabuti , masama
2. Ano ang naglayo kay Adan mula sa Diyos?
   pag-ibig kasalanan
3. Mahal pa rin bang Diyos ang gumawa ng masama?
   Oo Hindi

Mga Sagot
1. mabuti 2 kasalanan 3. oo

**Mga Salitang Dapat Mong Matutuhan**

Ang **Kasalanan** ay pagsuway sa Diyos o paggawa ng masama.
Ang **Mga Kasalanan** ay masasamang bagay na ginagawa o sinasabi ng isang tao.
Ang **Kasamaan** ay yaong bagay na hindi matuwid.
Ang **Diyablo** ay kumakalaban sa Diyos at siyang tumutukso sa mga tao para magkasala.
**Satanas** ang isa pang tawag sa Diyablo.



**Itinuturo ng Diyos sa kanyang mga anak ang paggawa ng mabuti. Guhitan ang lahat ng salita mula sa • hanggang •**

Sina Adan at Eba ay nakatira sa daigdig na walang kapintasan. Mabuting lahat ang mga bagay na nilikha ng Diyos. Sina Adan at Eba ay mabubuti. Ginawa silang mabuti ng Diyos, kagaya Niya.

•Sinabi ng Diyos kina Adan at Eba ang dapat gawin at ang di dapat gawin• Sinabi sa kanila ng Diyos na huwag kakainin ang bunga ng isangpuno • Binalaan Niya sila na kung kakain nito, sila'y mamamatay.•



Mahal ng Diyos sina Adan at Eba. Ibig niyang gawin nila ang matuwid. Hindi ibig ng Diyos na sila'y mamatay.

**Sinisikap ng kumakalaban sa Diyos na magkasala ang tao.**

May kumakalaban sa Diyos na tinatawag na Diyablo o Satanas. Mabuti ang Diyos ngunit masama ang Diyablo. Tinutulungan ng Diyos na maging mabuti at gumawa ng matuwid ang mga tao. Sinisikap naman ng Diyablo na gumawa ng masama ang tao.



Isang araw, pumasok sa hardin ng Eden ang Diyablo. Ginamit ng Diyablo ang ahas para kausapin si Eba. Ang bungang binawal ng Diyos ay ipinakita ng ahas kay Eba. Nagsinungaling kay Eba ang Diyablo. ''Kanin mo ang bungang iyan,' sabi ng Diyablo, ' at HINDI ka mamamatay. Dudunong ka katulad ng Diyos.'




•Alam ni Eba na dapat niyang sundin ang Diyos• Ngunit nakinig siya sa Diyablo. Kumain si Eba ng bungang iyon na binawal sa kanya ng Diyos na kanin. Si Adan ay binigyan ni Eba at kumain din. Nagkasala sina Adan at Eba. At naganap ang nakalulungkot na bagay!

**Nahiwalay sa Diyos sina Adan at Eba dahil sa kasalanan**

Mahal na mahal noon nina Adan at Eba ang Diyos. Ngunit ngayon ay takot na sila sa Kanya.• Alam nilang sila'y gumawang masama.• Sinikap nilang magtago sa sa Diyos. Sila'y hubad at nahihiya. Gumawa sila ng damit mula sa mga dahon. Ngunit hindi sapat ang mga damit na iyon.





**Mahal pa rin ng Diyos ang mga taong nagkasala.**

• Walang makapagtatago sa Diyos. • Nakita ng Diyos ang ginawa nina Adan at Eba. Subalit sila'y mahal pa rin ng Diyos. Iginawa Niya sila ng damit mula sa balat ng hayop.

Kinausap ng Diyos sina Adan at Eba tungkol sa kanilang kasalanan. Sila'y kinailangang parusahan dahil doon. Pinarusahan sila ng Diyos para maituro ang matuwid. Pinaalis sila sa kanilang magandang tahanan sa Eden. • Ang kanilang kasalanan ang nagdala ng sakit at kamatayan sa sanlibutan. • Ngunit sinasabi ng Diyos kina Adan at Eba na may darating na Tagapagligtas. Muling itutuwid ng Tagapagligtas ang mga bagay.

**Sinasabi sa iyo ng Diyos sa Bibliya ang dapat mong gawin.**

Sinasabi sa iyo ng Diyos kung ano ang tama at ang mali. Nakagawa ka na ba ng mga bagay na alam mong mali? • Mahal ka pa rin ng Diyos at nais kang tulungan. • Sabihin mo sa Diyos na ikaw ay nalulungkot. Patulong ka sa kanya na maging mabuti. Gawin mo ang sinasabi ng Diyos at ikaw ay liligaya. Sabihin mo ang panalanging ito sa Diyos bago ka matulog.

**Panalangin**

Nalulungkot po ako, O Diyos. Sa mga pagkakataong ako'y makagawa ng mali. Tulungan Mo pong magawa ko ang inuutos Mo. At bantayan Mo po ako sa magdamag na ito.



**Sagutin mo na ang Ulat ng Estudyante para sa Aralin 4.**

International Correspondence Institute
Phil. National Office, P.O. Box 1084, Manila

ARALIN

# 4


International Correspondence Institute


# TUTULUNGAN KA NG DIYOS PARA BUMUTI

## KAWILI-WILING GAWIN

**Basahin ang mga salitang salig sa palatandaan.**

Nasa kaliwa ang isang palatandaan. Bawat larawan ay may kinakatawang titik. Isulat sa mga puwang sa kanan ang titik na kinakatawan ng bawat larawan. Lalabas ang pangalan ng dalawang tao at ang kanilang tinirhan. Ang una'y baybay sa Inggles.




Malinaw na isulat:

Ang pangalan mo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Tirahan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Petsa nang ipadala . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Gumuhit mula sa salita sa kaliwa patungo

sa pangungusap na ukol dito, tulad nito:

| | |
|---|---|
| 1. Si Adan • | • ay masamang ginagawa o sinasabi ng tao. |
| 2. Si Satanas • | • ay nakinig sa ahas at nagkasala. |
| 3. Si Eba • | • ang unang tao. |
| 4 Ang Diyos • | • ay **nagsisikap** na magkasala ka. |
| 5. Mga kasalanan • | • ay nagsasabi sa Biblia ng dapat mong gawin. |

Guhitan ang iyong sagot.

6. Pinarurusahan **ka** ba ng iyong magulang sa paggawa ng mali?

   oo hindi

7. Bakit ka kaya nila pinarusahan?

   para turuang gumawa ng tama para saktan

8. **Ipaliwanag** kung bakit, sa palagay mo, pinarusahan ng Diyos ang mga taong nagkakasala.

..................................................

..................................................

..................................................

..................................................

..................................................

**Marka** ..........................................

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084 MANILA

ARALIN 5

# MAY MALASAKIT ANG DIYOS SA PAKIKITUNGO MO SA IBA



**Tungkol sa Diyos — Ang Ating Pag-aralan**

Tinutulungan ng Diyos ang mga magulang sa pag-aalaga sa kanilang mga anak. Alam ng Diyos ang iyong damdamin para sa iba. Pinarurusahan ng Diyos yaong hindi mabuti ang pakikitungo sa iba. Ibig ng Diyos na ikaw ay maging mabuti sa iba.




**Basahin mo ito sa Biblia**
**Malakas na basahin nang 5 ulit**

**Ngunit si Cain ay nakipagtalo sa kapatid niyang si Abel...at pinatay niya ito. At tinanong ng Panginoon si Cain: Nasaan ang kapatid mong si Abel? Genesis 4:8,9. .**

Magagawa mo ba ito?
Bilugan ang tamang sagot.

1. Ano ang gagawin ng Diyos sa taong hindi mabuti ang pakikitungo sa iba? — lilimutin pagpapalain parurusahan
2. Alam ba ng Diyos kung ikaw ay galit sa iba? — oo hindi kung minsan
3. Sino ang pumatay sa kanyang kapatid? — Adan Abel Cain

**Mga Sagot**
1. parurusahan 2. oo 3. Cain

**Mga Salitang Dapat Mong Matutuhan**

Ang **handog** ay bagay na ibinibigay ng tao sa Diyos.
Ang **hain** ay bagay na buhay na inihahandog sa Diyos.
Ang **pagpalain** ay ang gumawa ng bagay na mabuti para sa isang tao.



**Tinutulungan ng Diyos ang mga magulang sa pag-aalaga sa kanilang mga anak.** Guhitan ang lahat ng salita mula sa ● hanggang ●

Marami ang naging anak nina Adan at Eba. Ang panganay nilang anak ay si Cain. Pangalawang anak ay si Abel. Sina Cain at Abel ang mga unang anak, at ang unang magkapatid sa daigdig. Sina Adan at Eba ay kailangang magtrabaho para maalagaan ang kanilang mga anak. ●Tinulungan sila ng Diyos sa kanilang gawain ●



Kinailangan nilang maghalaman. Inalagaan nila ito at umani ng kanilang pagkain. **Sila'y** nag-alaga ng mga tupa at mga kambing upang magkaroon ng gatas at keso at damit. ●Tinuruan nilang gumawa ang kanilang mga anak. At itinuro nila ang tungkol sa Diyos. ●

Alam ng Diyos ang iyong damdamin para sa iba.



Si Cain ay naghandog sa Diyos mula sa kanyang itinanim. Naghandog din sa Diyos si Abel, isang korderong mamamatay para sa mga kasalanan ni Abel. • Sina Cain at Abel ay kapwa mahal ng Diyos. • Ipinakita sa kanila ng Diyos ang paraan ng paglapit sa Kanya. Sila'y magdadala ng hain para sa kasalanan tulad ng ginawa ni Abel. Pinagpala ng Diyos si Abel at pinatawad ang mga kasalanan nito.




DIYOS

Si Cain ay hindi nais na makinig sa Diyos. Ibig niyang gawin ang anuman sa kanyang paraan. Nagalit si Cain sa Diyos nang pagpalain nito si Abel.



Si Cain ay galit din kay Abel. Alam ng Diyos ang damdamin ni Cain. • Alam ng Diyos na kung mananatiling galit si Cain, ito'y gagawa ng masama • Kinausap ng Diyos si Cain at tinanong, "Bakit ka nagagalit?" Subalit ayaw makinig ni Cain sa Diyos. Namuhi si Cain sa kapatid niyang si Abel.


Pinarurusahan ng Diyos yaong hindi mabuti ang pakikitungo sa iba.



Sa gitna ng bukid isang araw, pinatay ni Cain ang kapatid niyang si Abel. Napakasamang kasalanan iyon. Nakita ng Diyos ang ginawa ni Cain. • Dapat parusahan ng Diyos si Cain• Hindi ibig ng Diyos na manatili si Cain sa piling ng kanyang pamilya. Si Cain at ang kanyang asawa ay lumayo upang mamuhay na nagsasarili.

Ibig ng Diyos na ikaw ay maging mabuti sa iba.

Kasalanan ang mamuhi sa ibang tao. Dahil sa kasalanang ito, ang tao'y nagnanais na manakit ng kapwa. Dahil sa kasalanang ito, sila'y nag-aaway at nagpapatayan. Nagkakalayo ang mga tao dahil sa kasalanan. Nawawasak ang mga tahanan dahil sa kasalanan.




Ibig tayong patawarin ng Diyos sa ating mga kasalanan at gawin tayong mabuti. • Ibig ng Diyos na alisin ang masamang damdamin natin at palitan iyon ng pag-ibig sa kapwa. • Sa gayon ay magiging maligaya tayong palagi.

Ikaw ba ay nagalit na sa iyong kapwa? Pinaaalis mo ba sa Diyos ang iyong galit? Ibig mo bang makasundo ang ibang tao? Isaulo mo ang panalanging ito.

**Panalangin**

Panginoon, huwag mo akong hayaang maging katulad ni Cain. Tulungan mo akong makitungo ng mabuti sa iba. At gawin mo akong maibigin, mabuti, at magandangloob.



**Sagutin na ngayon ang Ulat ng Estudyante para sa Aralin 5.**

**International Correspondence Institute**
**Phil. National Office, P.O. Box 1084, Manila**

ARALIN 5

International Correspondence Institute


# MAY MALASAKIT ANG DIYOS SA PAKIKITUNGO MO SA IBA

## KAWILI-WILING GAWIN

Kulayan ang larawan.

Nag-aaway at nagpapatayan ang mababangis na hayop.

Dapat ba tayong tumulad sa kanila?



Gumuhit mula sa tanong papunta sa tamang sagot, gaya nito:

| | |
|---|---|
| 1 May halaga ba sa Diyos kung paano natin pinakikitunguhan ang iba? • | • si Cain |
| 2. Sino ang nagdala sa Diyos ng isang hayop bilang hain para sa kanyang kasalanan? • | • oo |
| 3. Sino ang nagalit sa kanyang kapatid? • | • ang Diyos |
| 4. Sino ang nagbabala sa isang kapatid na mapanganib na magkasala ang isang galit? • | • si Abel |

Guhitan ang mga tamang sagot:

5. Paano kaya ibig ng Diyos na pakitunguhan mo ang iba?
   awayin ibigin labanan patayin patawarin kamuhian

Sagutin ito

6. Madali bang lagi ang magpigil ng galit? ........................

7. Kung nagagalit ka, nagagawa mo ba ang bagay o nasasabi yaong pagsisisihan mo pagkatapos? ...............

8. Ibig mo bang tulungan ka ng Diyos para hindi magalit sa ibang tao? ........................

9. Ano kaya ang dapat mong gawin tuwing madarama mo na ikaw ay magagalit?

   ........................................................

Ginawa mo bang lahat ang nasa araling ito? ....................

Isulat na malinaw ang iyong pangalan ........................

Marka ................................................

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084, MANILA

ARALIN 6

# IKAW AY DADALHIN NG DIYOS SA LANGIT



Tungkol Sa Diyos – Ang Ating Pag-aralan

Dinala ng Diyos si Enoc sa langit kahit di ito namatay. Ang Diyos ay may magandang tahanan para sa iyo sa langit. Mamuhay na kasama ang Diyos. Dadalhin ka niya sa langit.




Basahin mo ito sa Biblia
Malakas na basahin nang 5 ulit

**Si Enoc ay lumakad na kasama ng Diyos at hindi siya natagpuan, pagkat kinuha ng Diyos. Genesis 5:24**
**Nakita ko...sa langit ang bukas na pinto. At sinabi ng tinig, ' Umakyat ka rito." Apoc. 4:1**

**Magagawa mo ba ito?**

Gumuhit patungo sa angkop na bahagi ng salitang nasa gawing kaliwa, gaya nito:

| | |
|---|---|
| Diyos • | • ang magandang tahanan ng Diyos |
| Enoc • | • ang may ibig na ikaw'y makasama. |
| Langit • | • ay maaaring mamuhay na kasama ng Diyos at makararating ka sa langit. |
| Ikaw • | • ang taong umakyat sa langit at di na namatay. |

Mga Sagot

Diyos • ang magandang tahanan ng Diyos.
Enoc • ang may ibig na ikaw'y makasama.
Langit • ay maaaring mamuhay na kasama ang Divos at makarating ka sa langit.
Ikaw • Ang taong umakyat sa langit. at di na namatay.

DINALA NG DIYOS SI ENOC SA LANGIT KAHIT DI ITO NAMATAY.

Guhitan ang lahat ng salita mula sa •hanggang sa •



Maraming naging anak si Adan. At sila nama'y nagkaanak din ng marami. Nagkaroon ng maraming-maraming tao.

• Mahal ng Diyos ang lahat ng tao • Nais ng Diyos na makisama at makipag-usap sa kanila. Nais silang dalhin ng Diyos sa langit.

Ngunit marami ang di umiibig sa Diyos. Sila'y di nananalangin sa Diyos.





Kagaya sila ni Cain. Ibig nilang sundin ang sariling paraan.

Ayaw nilang gawin ang iniuutos ng Diyos Ayaw nilang mamuhay na kasama ang Diyos. Sila'y nahiwalay sa Diyos dahil sa kanilang kasalanan.

Ngunit mahal ni Enoc ang Diyos. Si Enoc ay lumapit sa Diyos tulad ng ginawa ni Abel, may dalang kordero para sa kanyang kasalanan. Pinatawad ng Diyos ang masasamang ginawa ni Enoc. Inalis ng Diyos ang mga kasalanan ni Enoc at ginawa itong mabuti.




• Si Enoc ay nakipag-usap sa Diyos araw-araw sa panalangin. • • Namuhay si Enoc na kasama ang Diyos nang gawin niya ang iniuutos ng Diyos. • Si Enoc ay patungo sa langit nang mamuhay siyang kasama ang Diyos.

Nagmamahalan ang Diyos at si Enoc. Si Enoc ay pinatulong ng Diyos sa Kanyang gawain. Ibinalita ni Enoc sa kanyang kapwa ang tungkol sa Diyos. Sinabi ng Diyos kay Enoc ang dapat sabihin. Sinikap ni Enoc na maakay ang iba na mamuhay ring kasama ang Diyos. Ayaw makinig ang karamihan. Sila'y napaka makasalanan, gaya ni Cain.

•Ang mga taong namumuhay na kasama ang Diyos ay nagtutungo sa langit pagkamatay. •Ngunit dinala ng Diyos si Enoc sa langit kahit di ito namatay. Si Enoc ay iniuwi ng Diyos sa maganda at kahanga-hangang tahanan. Maayos na maayos ang lahat doon. At masaya ang lahat ng naroon.



**Ang Diyos ay may magandang tahanan para sa iyo sa langit.**

Wala nang anumang makasasakit sa iyo roon. Ikaw ay mananatiling malusog at laging masaya. Hindi ka na magkakasakit o magugutom o magiginaw. Ang lahat ay magkakaroon ng lahat ng bagay sa langit. Magkakaroon ka ng maraming mabubuting kaibigan sa langit. •Higit sa lahat makaka-sama mo ang Diyos na nagmamahal sa iyo at nagnanais na ikaw ay makarating doon.•



**Mamuhay na kasama ang Diyos; dadalhin ka Niya sa langit.**

Sinugo ng Diyos ang Tagapagligtas para mag-alis ng iyong mga kasalanan. •Ang Tagapagligtas ay si Jesus, ang Anak ng Diyos. •Hindi mo siya nakikita ngunit si Jesus ay naroon. Naparito si Jesus upang tulungan kang mamuhay na kasama ang Diyos.• Humingi ka ng tawad sa kanya. Tanggapin mong Tagapagligtas si Jesus. Manalangin ka sa Diyos araw-araw. Gawin mo ang mga iniuutos ng Diyos sa Biblia. Ganito ang pamumuhay na kasama ang Diyos. Dadalhin ka niya sa langit.

**Pag-aralan ang panalanging ito:**

Jesus, tinatanggap kitang Tagapagligtas
Alisin mo ang aking mga kasalanan,
upang ako'y makapunta sa
langit. Tulungan mo akong
mamuhay bawat araw na
kasama ang Diyos.



**Sagutin na ngayon ang Ulat ng Estudyante para sa Aralin 6**

Bibigyan ng kaukulang marka ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. Ipadala ito sa:

**ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE-P.O. Box 1084, MANILA**

ARALIN 6

International Correspondence Institute


# IKAW AY DADALHIN NG DIYOS SA LANGIT

## KAWILI-WILING GAWIN

**Hanapin ang tumpak na daan:**

Ano ang gagawin mo kung ikaw ay lalakad na kasama ang Diyos? Magsimula sa ibaba at HUMINGI NG TAWAD SA DIYOS. Gumawa ng daan patungo sa bawat palatandaang dapat mong gawin, na siyang nais ng Diyos.





Alisin ang lahat ng titik C, X, at Z.

Pagkatapos isulat sa mga puwang ang mga salita.

CTAYOX AZY CNAXKIXKZIPCAG-ZUCSXAP SA XDCIYZOS

.......................................................

CAS PAZNCAXLCANGZIN ZAT KZUNG ZBUCMAXBXACSAZ

.......................................................

XNZG ZBCIBZLCIXA. KAZXSCAZMA ZTACYO NZG DZIYOCS

.......................................................

KZUXNG XSCINXUSZUXNCOD CNZAXTIN AZNG CUZTOXS CNIZYA.

.......................................................

Ginawa mo bang lahat ang nasa araling ito? ..................

**Mga tanong, puna kahilingan sa panalangin**

Isulat ang anumang tanong o puna sa aralin, o anumang ibig mong idalangin ng iyong guro. Gumamit ng ibang papel kung kailangan.

.......................................................

.......................................................

.......................................................

.......................................................

.......................................................

**Muling basahin ang iyong ulat ng Estudyante para sa aralin 4, 5, at 6. Ipadala ito sa aming tanggapan.**

Isulat nang malinaw ang iyong pangalan ......................

Marka .......................................................


Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084, MANILA

International Correspondence Institute

ARALIN 7

# ILILIGTAS KA NG DIYOS



Tungkol sa Diyos — Ang Ating Pag-aralan

Inaalis ng Diyos ang lahat ng bagay na masama.
Ibig ng Diyos na maligtas ang mga tao.
Inililigtas ng Diyos yaong sumusunod sa kanya.
Ililigtas ka ng Diyos.




Basahin mo ito sa Biblia.
Malakas na basahin ng 5 ulit.

**Sinabi ng Diyos kay Noe. . . na gumawa ng isang daong... . . tatakpan ko ng tubig ang lupa. . . Ngunit ikaw ay maliligtas sa loob ng daong. Genesis 6:12-14, 17, 18.**

Magagawa mo ba ito?

Isulat ang mga titik na **kabuoan ng tamang sagot.**

1. Inililigtas ng Diyos yaong su ....... sa kanya.
2. Sinabi ng Diyos kay Noe na gumawa ng isang d.... ...... .
3. Aalisin ng Diyos ang lahat ng bagay na ma. ..... . ..

Mga Sagot

1. sumusunod 2. daong 3. masama

**Mga Salitang Dapat Mong Matutunan**

Daong ang tawag sa barko na ginawa ni Noe.
Ang Sumunod ay paggawa ng iniuutos sa iyo ng iba.
Baha ang tawag pag tinakpan ng tubig ang lupa.

**Inaalis ng Diyos ang lahat ng bagay na masama.**

Guhitan ang mga salita mula• hanggang sa•




Ano ang gagawin mo kung makakita ka ng mga bulok na patatas sa tumpok ng mga mabubuti?

Itatapon mo ang mga bulok na patatas upang maingatan ang mabubuti.


Pag hindi, mabubulok din ang mga patatas na mabubuti.

Parang ganito ang kinailangang gawin ng Diyos.
Nililinis ng Diyos ang mundo bago maging masama ang lahat.•
Inalis niya ang awayan at patayan.
Ang pagsisinungaling, pandaraya, pagmumura at ibang kasalanan.
Ibig ng Diyos ang malinis at bagong daidig.•
Ang lahat ng naroon ay magiging mabuti.

Ibig ng Diyos na maligtas ang mga tao.
Pagkaakyat ni Enoc sa langit ang mga tao ay sumama nang sumama. Lagi silang gumagawa ng masama. Si Noe lamang at ang kanyang pamilya ang natitirang mabuti sa daigdig• Ginawang katulong ng Diyos si Noe • Sabi ng Diyos kay Noe: "Gumawa ka ng daong. Pababahain ko ang lupa. Ang mga nasa daong ay maliligtas."



•Mahal ng Diyos ang mga tao at ibig niyang iligtas.• Ipinasabi Niya kay Noe ang tungkol sa pagbaha. Ang pamilya lamang ni Noe ang naniwala sa kanya. Ang asawa ni Noe at ang tatlo nilang anak at ang mga asawa nito ay nanalig sa Diyos at tumulong kay Noe sa paghahanda ng daong.



Nagtawa ang mga tao habang ginagawa ni Noe ang daong.
Sabi nila, "Hangal ka sa pagsunod sa Diyos." Sinabi ni Noe na dapat din silang sumunod sa Diyos. Pinagtawanan lamang siya ng mga tao.

Nang tapos na ang daong sinabi ng Diyos kay Noe na lagyan ito ng pagkain, pagkain para sa mga tao at para sa mga hayop. Ililigtas din ng Diyos ang mga hayop. Ginawa ni Noe at ng kanyang pamilya ang iniutos ng Diyos.

Inililigtas ng Diyos yaong sumusunod sa kanya.
Dumating ang pares-pares na hayop. May malalaking elepante. Maiingay na mga unggoy. Humuhuni ang malalaking ibon. Ang mumunting ibon ay lumipad na papasok sa daong. Magkasabay na tumakbo ang mga pusa at aso Pumasok din ang mga manok.



Pumasok na si Noe at ang kanyang pamilya. At isinara ng Diyos ang pinto. Nagpasimulang umulan. At bumaha. Ang lahat ng nasa labas ng daong ay nalunod. •Yaong sumunod sa Diyos ay ligtas sa loob ng daong.•

**Ililigtas ka ng Diyos.**

Ngayon, tigib na naman ng kasalanan ang daigdig. Subalit aalisin ng Diyos ang kasamaan. Ngunit ililigtas ka kung **ikaw ay susunod sa kanya. Hingin sa** Diyos na iligtas ka at ang iyong pamilya.

**Panalangin:**

Tulungan mo po ang aking pamilya
at mga kaibigan.
Na manalig sa iyo at maligtas sa kasalanan.
Tulungan mo kaming sumunod gaya nila.
Na nakakita sa daong at pumasok doon.



**Sagutin ang Ulat ng Estudyante para sa Aralin 7.**

International Correspondence Institute
**Phil. National Office, P.O. Box 1084, Manila**

ARALIN 7




# ILILIGTAS KA NG DIYOS

## KAWILI-WILING GAWIN

**Ilagay sa daong ni Noe ang mga ibon at hayop**

Magagamit mo ang isang kahon o hapag bilang daong. Papel kahoy, o clay ang gamitin para sa mga hayop at ibon. Ganito ang paggawa ng modelong clay: paghaluin ang isang tasang arina, at kaunting asin. Lagyan ng sapat na tubig para kumunat. Lamasin hanggang kuminis saka gawing mga hayop o ibon. Pag di ginagamit, takpan ng basahang basa ang clay para magamit uli.



Maligayang bati! Nangangalahati ka na sa kursong ito. Naiibigan mo ba? ..... Pagkatapos mo nito, may iba pang kurso na maaari mong pag-aralan.

Malinaw na isulat:

Ang pangalan mo ..............................

Tirahan ..............................

Petsa nang ipadala ..............................

Gumuhit patungo sa tamang sagot.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1 Iniligtas ng Diyos si Noe at ang kanyang | • | • | baha |
| 2. Si Noe ay gumawa ng isang | • | • | Diyos |
| 3. Pinagtawanan ng mga tao si | • | • | pamilya |
| 4. Si Noe at ang kanyang mga anak ay sumunod sa | • | • | daong |
| 5. Ginagawang lagi ng Diyos ang | | | Noe |
| 6. Iniligtas ng Diyos si Noe sa | • | • | naligtas |
| 7. Mahal ni Noe ang Diyos at siya'y | • | • | matuwid |
| 8. Dapat sundin ng mga tao ang Diyos | • | • | ngayon |

Gumawa ng talaan ng iyong kasambahay at mga kaibigan na ibig mong pumunta sa langit Isulat sa unahan nito ang iyong pangalan.

.............................................

.............................................

.............................................

.............................................

Kinausap mo na ba sila tungkol sa Diyos?
Sila'y idalangin mo upang maniwala sa sinasabi ng Diyos sa Biblia. Idalangin mo na maligtas sila para makapunta sa langit. Gamitin ang sariling pangungusap sa pakikipag-usap sa Diyos tungkol sa kanila. Sila'y idadalangin din ng guro mo.

Ginawa mo bang lahat ang nasa araling ito? ..................

**Marka** .............................................

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084, MANILA

ARALIN 8

# IINGATAN KA NG DIYOS



Tungkol sa Diyos — Ang Ating Pag-aralan

Iniingatan ng Diyos yaong sumusunod sa kanya.
Masaya ang Diyos kung sinasabi natin: "Salamat po."
Nagkakaloob tayo sa Diyos upang sabihin: "Salamat po."




Basahin mo ito sa Biblia
Malakas na basahin nang 5 ulit

**Bumuhos ang ulan... apatnapung araw at apatnapung gabi. At tinakpan ng tubig ang matataas na bundok. . . si Noe lamang ang naiwang buhay, at ang mga kasama niya sa daong Genesis 7:12, 19,23. Inilagay ko sa mga ulap ang aking bahag-hari bilang tanda ng aking pangako. . . Na hindi ko na muling pababahain at lilipulin ang lahat ng buhay. Gen. 9:13, 15.**

Magagawa mo ba ito?

Bilugan ang tamang sagot.

1. Ilang araw umulan? apat sampu apatnapu

2. Ilang tao ang naiwang buhay sa labas ng daong? lahat sampu wala

3. Anong tanda ang ibinigay ng Diyos kay Noe? bahag-hari bituin

Mga Sagot

1. apatnapu 2. wala 3. bahag-hari



**Iniingatan ng Diyos yaong sumusunod sa kanya.**

Guhitan ang mga salita mula sa• hanggang •

Habang tumataas ang baha,
tumataas din ang daong
Lumutang ito sa tubig na
tumakip sa lupa.
Si Noe at ang kanyang asawa kasama
ang kanilang mga anak at ang mga
asawa nito ay ligtas sa loob ng daong.•



Ligtas din ang mga hayop.
Mayroon silang pagkain.
Damo at dayami.
Mga buto at mani.
Mga butil at prutas.
•Iningatan ng Diyos at ni
Noe ang mga hayop.•



Apatnapung araw na umulan.
At nagpadala ng malakas na hangin
**ang Diyos para tuyuin ang lupa.**
Ang tubig ay nagsimulang bumaba.
Ang daong ay lumapag
sa ibabaw ng isang bundok
at nanatili roon.

Si Noe at ang kanyang pamilya ay **nanatili sa daong hanggang matuyo ang lupa.** Isang taon silang nanatili sa daong. • Iningatan sila ng Diyos habang nasa **daong.**•



Sa wakas, natuyo na ang lupa. Binuksan ang pinto ng daong Ang lahat ay lumabas sa daong upang masdan ang sikat ng araw Lumabas si Noe ang kanyang pamilya, at lahat ng hayop at ibon.



Nag-ingay sa tuwa ang mga elepante.

Hindi mapakali ang mga unggoy.

Umaatungal ang mga leon.

Ang lahat ay masaya pagkat
ligtas silang nakalabas sa daong

Pag-isipan mo ito


Ikaw ba'y natakot na sa isang bagyo?
Sino ang nag-ingat sa iyo?
Sino ang tumulong kay Noe sa pagliligtas
sa kanyang pamilya at sa mga hayop?
Sino ang tutulong sa magulang mo
sa pag-aalaga sa iyo?
Sino ang nagpapatubo sa halamang kakainin mo?
Nagpapasalamat ka ba sa Diyos sa iyong pagkain?
O sa pag-iingat sa iyo kung may bagyo?
O sa pag-iingat sa iyo sa araw-araw?

Masaya ang Diyos kung sinasabi natin:
' Salamat po.'




Ang unang ginawa ni Noe ay sabihing "Salamat po" sa Diyos •Pinasalamatan ni Noe ang Diyos sa pag-iingat sa kanya at sa kanyang pamilya at sa lahat ng hayop at ibon.• Pinasalamatan ni Noe ang Diyos dahil sa malinis at bagong daigdig na titirhan nila. Nagdala ng handog sa Diyos si Noe para sabihin, "Salamat po."

•Masaya ang Diyos pagkat sinabi ni Noe, "Salamat po."•
Nangako ang Diyos kay Noe. •"Hindi ko na muling wawasakin ng baha ang lupa."•
Ang bahag-hari ay tanda ng pangako ng Diyos.•
Pag nakikita mo ang bahag-hari, tandaan:
•Iingatan ka ng Diyos.•



Nagkakaloob tayo sa Diyos upang sabihin, "Salamat po.'
Dinadala natin sa bahay ng Diyos ang ating kaloob.
Pag-aralang sabihin sa Diyos ang panalanging ito
tuwing dadalhan mo siya ng handog na "Salamat po."

Panalangin:

Salamat po sa iyo, O Diyos, sa iyong
pag-iingat,
Sa tahanan at pagkain at mga damit.
Tanggapin mo po ang munti kong
kaloob
Upang pasalamatan ka sa lahat ng bagay.



Sagutin na ang Ulat ng Estudyante para sa Aralin 8.
International Correspondence Institute
Phil. National Office, P.O. Box 1084, Manila

ARALIN

# 8




# IINGATAN KA NG DIYOS

## KAWILI-WILING GAWIN

Gumawa ng isang bahag-hari ng mga pangako.

Pagdugtungin ang mga tuldok para makagawa ng apat na guhit na paarko. Kulayan ang mga puwang na kinasusulatan ng mga pangako:

1 **Itaas na bahagi — pula**
2. **Sa ilalim ng pula — dilaw**
3. **Sa ilalim ng dilaw — berde**
4. **Sa ibaba — asul**



**Basahing mabuti ang bawat tanong. Kulayan ang puwang sa ilalim ng tamang sagot, o sulatan ng lapis.**

| | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Tatlo ba ang anak ni Noe? | | |
| 2. Binaha ba ang buong daigdig? | | |
| 3. Si Noe ba'y masamang tao? | | |
| 4. Iningatan ba ng Diyos sina Noe? | | |
| 5. Namatay ba ng gutom sa daong ang mga hayop? | | |
| 6. Iingatan ka rin ba ng Diyos? | | |
| 7. Pinasasalamatan mo ba ang Diyos sa **pag-iingat** Niya sa iyo? | | |

**Sabihin ang ilang paraan kung paano ka iningatan ng Diyos.**

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .


Ginawa mo bang lahat ang nasa araling ito? . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Isulat nang malinaw ang iyong pangalan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Marka . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084, MANILA



# ANG MGA DALANGIN MO AY MARIRINIG NG DIYOS

**Tungkol sa Diyos — Ang Ating Pag-aralan**

Panginoon, ang isa pang tawag sa Diyos. May mga taong gumagawa ng sarili nilang diyos. Ang Panginoon lamang ang tunay na Diyos. Nais ng Diyos na dumalangin ka sa Kanya.




Basahin mo ito sa Biblia
Malakas na basahin nang 5 ulit

**Ang Panginoong ating Diyos ay isang Panginoon at iibigin mo ang Panginoong iyong Diyos nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo at nang buong lakas mo. Deuteronomio 6:4, 5**

Magagawa mo ba ito?
Guhitan ang tamang sagot.

1. Kanino ka nais ng Diyos na manalangin?
   Sa mga diyos na ginawa ng tao
   Sa panginoong Diyos

2. Ano ang dapat mong maging damdamin
   takot sa kanya — limutin siya
   ibigin siya — matakot sa kanya

3. Ano pa ang isang tawag sa Diyos?
   Babae — Panginoon — Isang di kilala
   Prinsipe

Mga Sagot

1. Sa Panginoong Diyos  2. Ibigin siya  3. Panginoon

**May mga taong gumagawa ng sarili nilang diyos.**
Guhitan ang mga salita mula sa •hanggang •



Nang matapos ang baha, ang mga anak ni Noe ay nagkaroon ng maraming anak at mga apo at mga apo-sa-tuhod. Muling dumami ang mga tao sa ibabaw ng lupa.



Si Noe at ang kanyang mga anak ay nagsalaysay ng mga bagay tungkol sa Diyos. •Ngunit hindi minahal ng mga tao ang Diyos tulad ng ginawa ni Noe.• Ibig nilang gawin ang sariling nais. • Ayaw nilang makinig sa Kanilang magulang o mga ninuno, o sa Diyos.



May isang lalaking Nimrod ang pangalan. Ginawa niyang hari ang kanyang sarili. Ibig niyang sundin siya ng mga tao — hindi ang Diyos. • Inakay ni Nimrod ang mga tao palayo sa Diyos.• •Nanalangin sila sa araw at sa buwan at gumawa ng sariling mga diyos. •

Ang mga tao'y gumawa ng mga pira-pirasong bato upang gamitin sa pagtatayo ng isang lunsod na may toreng mataas.




Nakita ng Diyos ang ginagawa ng mga tao. Alam ng Diyos na iyon ay masama. •Pinabayaan muna sila ng Diyos nang ilang panahon• •Pagkatapos, sila'y pinatigil ng Diyos.• Hindi muling nagpabaha ang Diyos. Ginulo lang niya ang wika ng mga tao.

Hindi na makapag-usap ang mga tao. Hindi sila magkaintindihan. Hindi sila makagawang magkakasama. Kaya, itinigil nila ang pagtatayo ng tore. Tinawag nilang Babel ang lugar na iyon. Kaguluhan ang ibig sabihin ng Babel.




Iniwan ng mga tao si Nimrod at ang Babel. Nagpuntahan sila sa iba't-ibang lugar. Nagsamasama ang magpapamilya, at ang ilang pangkat ng mga pamilya. Nagtayo sila ng sariling lunsod.• Nakalimutan nila ang iisa at tunay na Diyos.•



•Saan man manirahan ang mga tao, gumagawa sila ng sarili nilang diyos • malalaking diyos at maliliit na diyos, diyos na kahoy at bato, diyos na pilak at ginto.• Nanalangin sila sa diyos na kanilang ginawa.•



**Ang Panginoon lamang ang tunay na Diyos.**
Ang mga diyos na gawa ng tao ay hindi nakaririnig.
Ang mga diyos na gawa nila ay hindi nakapagsasalita
Hindi sila nakakakita.
Hindi nila naiibig ang mga tao, tulad ng ginagawa ng tunay na Diyos.
Sila'y hindi totoong diyos.

- Ang Panginoon lamang ang tunay na Diyos.
- Siya'y nakaririnig at nagsasalita at nakakakita. Nakalimutan ng mga tao ang tunay na Diyos. Subalit hindi naman sila nakalimutan ng Diyos. Mahal pa rin sila ng Diyos at ibig silang tulungan.

**Naririnig ng Diyos ang iyong panalangin.**
Hindi mo nakikita ang tunay na Diyos,
ngunit nariyan siya sa tabi mo.
Kung kinakausap mo ang tunay na Diyos,
naririnig ka Niya
Ibig ng Diyos na ikaw ay makikipag-usap sa Kanya
Mahal ka ng Diyos at nais na tulungan ka
Sabihin sa Diyos ang iyong kailangan.
- Pakikinggan at sasagutin ng Diyos ang iyong panalangin.

**Pag-aralan ang panalanging ito**

Nakikita mo ako at naririnig at iniibig, mahal na Diyos. Pagkat ikaw ang tunay na Diyos. Lagi kang malapit. Sa iyo ako dadalangin, Panginoon, at di sa mga diyos na hindi makaiibig sa akin o nakakakita nakaririnig.

**Sagutin na ang Ulat ng Estudyante para sa Aralin 9.**



International Correspondence Institute
Phil. National Office, P.O. Box 1084, Manila

ARALIN 9

International Correspondence Institute

# ANG MGA DALANGIN MO AY NARIRINIG NG DIYOS

## KAWILI-WILING GAWIN

Gumawa ng isang tore.

Humanap ng malalapad na bato. Iayos nang pabilog sa lupa. Patungan pa ng ibang bato. Tingnan kung gaano kataas mo ito magagawa ang toreng bato bago ito gumuho.




Salungguhitan ang tamang mga salita.

1. Salungguhitan ang mga salita tungkol sa tunay na Diyos.

mahirap dakila kahoy nakakakita

lumikha nagmamalasakit tumutulong ginto

mabuti sinungaling umiibig nagsasalita

bingi nakaririnig nakaalam bulag

2. Salungguhitan ang mga salita tungkol sa mga tao sa araling ito.

nakalimot sa Diyos mabubuti

mabuting loob umiibig sa Diyos

gumawa ng mga diyos nangalat sila

3. Salungguhitan ang mga salita tungkol sa ginawa nilang diyos.

nakakakita bato kahoy

nakaririnig nagsasalita umiibig

4. Salungguhitan ang mga salitang ipinagagawa ng Diyos.

| | | |
|---|---|---|
| magpakabuti | gawin ang sariling gusto | ibigin ang Diyos |
| magalit | dumalangin sa tunay na Diyos | matakot |
| lumigaya | sundin ang utos ng Diyos | malungkot |

Matutulungan mo ang iba.

May mga kaibigan ka bang ibig mag-aral ng MAHAL KA NG DIYOS? Isulat dito ang mga pangalan nila at tirahan. Padadalhan namin sila ng mga aralin. Gumamit ng ibang papel kung kailangan.

Pangalan ..........................................

Tirahan ..........................................

Pangalan ..........................................

Tirahan ..........................................

Pangalan ..........................................

Tirahan ..........................................

Pangalan ..........................................

Tirahan ..........................................

Pangalan ..........................................

Tirahan ..........................................

Ginawa mo bang lahat ang nasa araling ito? ..................

Isulat nang malinaw ang iyong pangalan ....................

Marka ..........................................

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084 MANILA

ARALIN 10

# PAPATNUBAYAN KA NG DIYOS



Tungkol sa Diyos — Ang Ating Pag-aralan

Tinawag ng Diyos si Abram upang sumunod sa kanya. Ang Diyos ay pumapatnubay at nagpapala sa sumusunod sa kanya. Pinapatnubayan ka ng Diyos sa pamamagitan ng Biblia.




Basahin mo ito sa Biblia
Malakas na basahin nang 5 ulit

**Pagkamatay ng ama ni Abraham, sinabi sa kanya ng Diyos. . . "magpunta ka sa lupaing ituturo ko sa iyo. Kung ito'y susundin mo, gagawin kitang ama ng isang dakilang bansa; pagpapalain kita. . . at ikaw ay magiging pagpapala." Genesis 12:1,2.**

Magagawa mo ba ito?

Bilugan ang tamang sagot.

1. Sino ang pinangakuan ng Diyos na pagpapalain?
   si Abram    si Nimrod    si Cain
2. Si Abram ay magiging ama ng ano?
   ng maliit na lipi    ng dakilang bansa
3. Ano ang ginagamit ng Diyos upang patnubayan ka?
   mga bituwin    ang Biblia

Mga Sagot

1. si Abram 2. dakilang bansa 3. ang Biblia

**Mga Salitang Dapat Mong Matutuhan**

Ur — lunsod na tinirhan ni Abram.
Canaan — Bayang pinagdalhan ng Diyos kay Abram.



Tinawag ng Diyos si Abram upang sumunod sa kanya. Guhitan ang mga salita mula sa • hanggang sa •

Ilan sa pamilyang umalis sa Babel ang nagtatag ng lunsod ng Ur. Si Abram ay ipinanganak sa Ur. Dumalangin sa maraming diyos ang ama ni Abram. Ang mga kababayan ni Abram ay dumalangin sa mga diyos na di nakakakita o nakaririnig. Hindi nila kilala ang tunay na Diyos. • Wala silang Biblia na magsasabi sa kanila tungkol sa iisa at tunay na Diyos. •




Ang tunay na Diyos ay di kilala ni Abram. Ngunit kilala ng Diyos si Abram. Mahal niya siya. Tinawag ng Diyos si Abram at sinabi rito: "Iwan mo iyong tahanan at bansa. Iwan mo ang mga diyos ng iyong ama. • Sumunod ka sa akin sa lupaing ituturo ko sa iyo." •

Ang Diyos ay pumapatnubay at nagpapala sa sumusunod sa kanya.

Nangako ang Diyos kay Abram: "Kung susundin mo ako,
ikaw ay aking pagpapalain at gagawing dakila.
Gagawin kitang ama ng isang dakilang bansa. •
Pagpapalain kita at ikaw magiging pagpapala."

Nakilala ni Abram na ang tunay na Diyos ang tumawag sa kanya.• Naniwala si Abram sa sinabi ng Diyos.• Si Sarai na asawa ni Abram ay naniwala rin. Nilisan nina Abram at Sarai ang lunsod ng Ur. Iniwan nila ang mga diyos na ginawa ng mga tao.• • Sumunod sila sa tunay na Diyos.•




• Naging magkaibigan ang Diyos at si Abram.• Si Abram ay nakipag-usap sa Diyos. Ang Diyos ay nakipagusap kay Abram. Sumama ang Diyos kay Abram at itinuro ang daan na dapat tahakin.• Pinatnubayan ng Diyos si Abram sa lupain ng Canaan.•

Kahit saan tumira sina Abram at Sarai si Abram ay gumagawa ng dambana para sa Diyos. Nag-alay siya ng mga handog sa Diyos gaya nina Abel, Enoc, at Noe. Si Abram ay naging pagpapala, o tulong, sa maraming tao. Sinabi niya sa kanila ang tungkol sa tunay at buhay na Diyos.





•Tinutupad ng Diyos ang kanyang mga pangako. • Pinagpala ng Diyos si Abram at pinayaman. Ngunit si Abram ay tumanda at wala pa ring anak. Gayunman, naniwala siya sa pangako ng Diyos. At maligaya ang Diyos pagkat nanalig sa kanya si Abram.

Ang pangalan ni Abram ay ginawa niyang Abraham. "Ama ng marami" ang kahulugan ng Abraham. Binago rin ang pangalan ni Sarai, naging Sara. Ang kahulugan nito ay "Ina ng mga prinsipe." Sina Abraham at Sara ay binigyan ng Diyos ng isang anak. Isaac ang pangalan nito. At isang dakilang bansa ay nagmula sa kanya.

**Pinapatnubayan ka ng Diyos sa pamamagitan ng Biblia.**
Sa Biblia, tinatawagan ka ng Diyos na sumunod sa kanya. Nangangako siyang papatnubayan ka at pagpapalain. Sinasabi Niya ang dapat mong gawin. Sundin mo ang Diyos at dadalhin ka Niya sa langit. • Kahit na ano ang kinakailangan mong iwan, ikaw ay sumunod sa Diyos, gaya ni Abraham. Tutulungan ka ng Diyos at ituturo ang dapat mong gawin.

**Panalangin:**

Iniwan ni Abraham ang sariling bayan
at mga kaibigan,
At siya'y sumunod sa iyo habang buhay.
Tulungan mo rin na ikaw ay masunod ko.
Tulungan mo akong lumakad ma
malapit sa iyo
At nang ako'y makalugod sa iyo sa tuwina.



**Sagutin na ang iyong Ulat ng Estudyante, Aralin 10.**

International Correspondence Institute
Phil. National Office, P.O. Box 1084, Manila

ARALIN 10

International Correspondence Institute

# PAPATNUBAYAN KA NG DIYOS

## KAWILI–WILING GAWIN

Maglakbay na kasama ni Abram.

Mahaba ang gagawing lakbayin ni Abram. Isulat ang pangalan ng mga lugar na dinaanan niya bilang tugon sa mga tanong. Kung di mo matandaan ang sagot, hanapin sa aralin 10.

1. Saan nakatira si Abram?
2. Sino ang tumawag kay Abram?
3. Ano ang ginawa ni Abram?
4. Ano ang ipinangalan nina Abram at Sarai sa anak nila?
5. Saang lupain dadalhin ng Diyos si Abram?




Pinag-aralan mo ang tungkol sa mga taong umibig at nakalugod sa Diyos. Isulat ang tatlo na ibig mong tularan.

..............................................................................................

.............................. .............................. ..............................

Sa paanong paraan mo ibig matulad sa kanila?

..............................................................................................

..............................................................................................

Gumuhit buhat sa pangalan papunta sa tamang salita.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Ur | • | • | "ama ng marami" ang kahulugan. |
| 2. Abraham | • | • | Asawa ni Abraham |
| 3. Sara | • | • | anak ni Abraham. |
| 4. Isaac | • | • | Lunsod na tinirhan ni Abram. |
| 5. Ang Biblia | • | • | Salita ng Diyos. |

**Kulayan ang puwang ayon sa tamang sagot.**

| | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 6. Mahal ba ng lahat ang tunay na Diyos? | | |
| 7. Binago ba ni Abram ang kanyang pangalan? | | |
| 8. Naniwala ba si Abram sa pangako ng Diyos? | | |
| 9. Pagpapalain ba ng Diyos ang naniniwala sa Kanya? | | |
| 10. Naniniwala ka ba sa sinasabi ng Diyos sa Biblia? | | |

**Mga tanong, puna, kahilingan sa panalangin**

.............................................................................

.............................................................................

.............................................................................

**Muling basahin ang aralin 7, 8, 9, at 10.**

**Ipadala ito sa aming tanggapan.**

Ginawa mo bang lahat ang nasa araling ito? ..............................


Isulat na malinaw ang iyong pangalan ..............................

Marka ..............................................................

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit ng ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084, MANILA

ARALIN 11



# SINUGO NG DIYOS ANG KANYANG KORDERO UPANG ILIGTAS KA

Tungkol sa Diyos – Ang Ating Pag-aaralan

Nagpadala ng isang kordero ang Diyos para iligtas si Isaac. Sinugo ng Diyos ang kanyang Kordero para iligtas ka. Tanggapin mo ang Kordero ng Diyos para maligtas ka.




Basahin mo ito sa Biblia
Basahing malakas nang 5 ulit

**Sinabi ni Isaac. . . "Narito na ang apoy at ang kahoy; ngunit nasaan ang kordero para sa handog na susunugin?" Tumugon si Abraham, "Anak ko, Diyos ang magkakaloob ng kordero." Gen. 22:7,8. Kinabukasan, nakita ni Juan si Jesus na papalapit sa kanyang at sinabi: "Narito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan." Juan 1:29.**

Magagawa mo ba ito?
Isulat ang sagot sa bawat tanong:

1. Sino ang nagsabi: ' Nasaan ang kordero?' . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

2. Sino ang nagsabi: "Diyos ang magkakaloob ng kordero.". . . . . . .

3. Sino ang nagsabi: Narito ang kordero ng Diyos? . . . . . . . . . . .

**Mga Sagot**

1. Sinabi ni Isaac: "Nasaan ang kordero?"
2. Sinabi ni Abraham: "Diyos ang magkakaloob ng kordero."
3. Sinabi ni Juan: "Narito ang kordero ng Diyos."

## MGA SALITANG DAPAT MONG PAG-ARALAN

**Hain para sa kasalanan** ay hayop o taong nag-aalis ng parusa sa taong nagkasala.

**Handog na susunugin** ay haing pinatay saka sinunog sa ibabaw ng dambana.

**Dambana** ay dakong pinaghahandugan ng hain. Maraming dambana ang yari sa bunton ng mga bato.

**Nagpadala ng isang Kordero ang Diyos Para iligtas si Isaac.**

Guhitan ang mga salita mula sa• hanggang sa•

•Isang araw, sinabi ng Diyos kay Abraham:
Isama mo si Isaac na iyong anak.
Umakyat kayo sa bundok. Ihandog mo sa akin si Isaac."




Hindi alam ni Abraham kung bakit sinabi sa kanya ng Diyos ito.
Hindi alam ni Abraham na sinusubok ng Diyos ang kanyang pag-ibig.
At may ituturo ang Diyos kina Abraham at Isaac.
Ituturo rin sa atin ng Diyos ang tungkol sa kanyang hain para sa kasalanan.•



Si Abraham ay malungkot na umakyat sa bundok.
Mahal ni Abraham si Isaac.
Ngunit si Abraham ay susunod sa Diyos.
Tumulong si Isaac sa pagdadala ng kahoy
"Nasaan po ang korderong susunugin?" tanong ni Isaac.
Sumagot si Abraham:
'Diyos ang magkakaloob ng kordero."

Gumawa ng isang dambana sina Abraham at Isaac.
Inilagay ni Abraham si Isaac sa ibabaw ng dambana. Si Isaac ang dapat mamatay.

Ngunit mahal din ng Diyos si Isaac. Hindi ibig ng Diyos na mamatay si Isaac.
May ibang hain ang Diyos para siyang mamatay sa lugar ni Isaac.

Itinaas ni Abraham ang kanyang patalim upang patayin na si Isaac.
Subalit tumawag ang Diyos buhat sa langit.
"Abraham! Huwag! Huwag mong saktan ang iyong anak!
Pinatunayan mong ako ay iyong mahal."

Saka itinuro ng Diyos kay Abraham ang isang korderong naipit sa dawagan.
Ipinadala ng Diyos ang kordero upang pumalit kay Isaac.
Ang kordero ay namatay sa dambana.
Malaya na si Isaac at mabubuhay.



**Sinugo ng Diyos ang Kanyang Kordero para iligtas ka.**



Ang mga taong nagkakasala ay di makapapasok sa langit.
Pag namatay sila, pupunta sila sa impiyernong nakatatakot.
Tayong lahat ay nagkasala at papunta sa impiyerno.
Ngunit mahal tayo ng Diyos at nais niyang dalhin sa langit.
•Sinugo ng Diyos ang Anak niyang si Jesus para mamatay na kapalit natin •

Gaya nang magpadala ang Diyos ng Kordero upang mamatay para kay Isaac
Si Jesus ang Kordero ng Diyos na namatay upang mapawi ang mga kasalanan ng sanlibutan •
Pagkatapos, siya'y muling nabuhay.
Hindi mo nakikita si Jesus ngunit nariyan siya sa iyong piling. Mahal ka ni Jesus at nais kang tulungan.

**Kailangan mong tanggapin ang Kordero ng Diyos para maligtas ka.**

Hindi ka na dapat maghain sa dambana ngayon.
Tanggapin mo lamang ang Anak ng Diyos bilang iyon hain.
Si Jesus ay magiging Tagapagligtas mo.
Aalisin ni Jesus ang iyong mga kasalanan.
•Tanggapin mo si Jesus na iyong Tagapagligtas at makapupunta ka sa langit.•
Gamitin mo ang panalanging ito. Saka mo kausapin ang Diyos sa sarili mong pananalita.



PANALANGIN:
Tinatanggap ko ngayon na ang Iyong Anak ay namatay para sa akin . . .
Naging hain na mag-aalis ng aking kasalanan.
Malaya na ako pagkat si Jesus ang aking Tagapagligtas.
Salamat po, Diyos, na ako'y iniligtas Mo ngayon.

**Sagutin na ang Ulat ng Estudyante para sa Aralin 11**
International Correspondence Institute
Phil. National Office, P.O. Box 1084, Manila

ARALIN
11


International Correspondence Institute

# SINUGO NG DIYOS ANG KANYANG KORDERO UPANG ILIGTAS KA

## KAWILI-WILING GAWIN

Gumawa ng isang kordero

Kumuha ng kapirasong bulak.
Hugisan ang ulo at katawan.
Lagyan ng apat ng palito para maging paa.



Isulat nang malinaw

Ang pangalan mo ..............................................

Tirahan ..............................................

Kailan ipinadala ..............................................

Punan ng mga tamang salita:

1. Ang korderong ipinadala ng D........ upang iligtas ka ay si J... ... ... .
2. Ang K... . .. ng D........... ang mag aalis ng iyong mga k............ . .
3. Sumagot si Abraham: "D......... . ang magkakaloob ng k.... . ......."
4. Ang mga taong nagkakasala ay H.. .. P.. . sa langit.
5. Tayong lahat ay n............... . .
6 Si J.... . . . ... ay namatay sa krus para sa ating k. . . . .
7. Si Jesus ang K........ ng D . . . . na namatay upang a . . . . . ang mga k. . . . . ng s . . . . . .

**Tinanggap mo na si Jesus bilang iyong Tagapagligtas bago mo sinimulan ang mga araling ito?** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Kung hindi mo pa siya tinatanggap, gagawin mo ba ngayon? Kung gayon, isulat sa ibaba ang iyong pangalan at petsa.

Ako, si . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .ay tumanggap
(pangalan mo)

kay Jesus bilang aking Tagapagligtas noong . . . . . . . . . . . . . . . . . .
buwan araw taon

Ginawa mo bang lahat ang nasa araling ito? . . . . . . . . . . . . .

**Marka** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084, MANILA



# IKAW AY PATATAWARIN AT TUTULUNGAN NG DIYOS

Tungkol sa Diyos — Ang Ating Pag-aralan

Ang pagpapala ng Diyos ay higit kaysa pagkain.
Pinatawad ng Diyos at pinagpala si Jacob.
Ang Diyos ay gumawa ng paraan para ka makapunta sa langit.
Tutulungan ka ng Diyos na magsabing, 'ikinalulungkot ko.'




Basahin mo ito sa Biblia
Malakas na basahin nang 5 ulit


**"Ako ang Panginoon. ako'y sasaiyo at magbabantay sa iyo saan ka man magtungo." Genesis 28:13,15.**
**Sumagot si Jesus sa kanya: "Ako ang daan." Juan 14:6.**

Magagawa mo ba ito?
Ilan sa mga tanong na ito'y tungkol sa nakaraang aralin.
Sagutin ang kaya mong mga bilang.

1. Sino ang umakyat sa langit kahit di namatay? . . . . . . . . . . . . . .
2. Sino ang gumawa ng **daong?** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .
3. Sino ang pumatay sa kanyang kapatid? . . . . . . . . . . . . . . . . .
4. Ano ang higit kaysa pagkain? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Mga Sagot**

1. si Enoc 2. si Noe 3. si Cain 4. pagpapala ng Diyos



**Ang Pagpapala ng Diyos ay higit kaysa pagkain.**

Guhitan ang mga salita mula sa • hanggang sa •

Ang asawa ni Isaac ay si Rebeca. Mahal nina Isaac at Rebeca ang Diyos. Sila'y pinagkalooban ng Diyos ng anak na kambal: si Esau at si Jacob.

Si Esau ay mangangaso.
Naunang ipinanganak si Esau kaysa kay Jacob.
•May karapatan siyang tumanggap
ng tanging pagpapala mula sa Diyos.•
Ito ang karapatan sa pagkapanganay.
•Ngunit higit na interesado sa pagkain si Esau
kaysa mga tanging pagpapala ng Diyos.•
Ang Diyos ay hindi mahal ni Esau. Mahal lang
niya ang kanyang sarili. Ipinagbili ni Esau
ang karapatan sa pagkapangay kay Jacob sa halaga
ng isang tasang pagkain.
Pinagsisihan ni Esau ang kanyang nagawang iyon.
Ang pagpapala ng Diyos ay higit kaysa lahat ng pagkain.



**Pinatawad ng Diyos at pinagpala si Jacob**


•Si Jacob ay gumawa ng di mabuting bagay sa kanyang pamilya.•
Nagsinungaling siya sa ama at nandaya sa kapatid.
Ang karapatan ni Esau sa pagkapanganay ay binili
ni Jacob at ninakaw ang pagpapala ni Esau.
•Subalit mahal pa rin ng Diyos si Jacob •

Ibig patayin ni Esau si Jacob.
Tumakas si Jacob sa malayong lugar
para makaiwas kay Esau.
Habang daan, ang Diyos ay nangusap
kay Jacob sa isang panaginip.



Nakakita ng isang hagdan si Jacob.
Ito'y mula sa langit papunta sa lupa.
Ipinangako ng Diyos na pagpapalain si Jacob.

Masaya si Jacob nang siya'y magising.
Mahal pa rin siya ng Diyos.
Patatawarin ng Diyos ang nagawa niyang masama
Sasamahan siya ng Diyos at tutulungang
gumawa ng matuwid.
Alam ni Jacob na kung susundin niya ang Diyos,
siya'y dadalhin ng Diyos sa langit balang araw•



Ang Diyos ay gumawa ng paraan
para ka makarating sa langit.
Si Jesus ang daan patungo sa langit.
Namatay si Jesus para iligtas ka.
•Sundin mo si Jesus habang nabubuhay ka
at dadalhin ka niya sa langit.•

•Iningatan ng Diyos si Jacob.
Si Jacob ay naging pastol.
Marami siyang alagang tupa at kambing.
Siya'y binigyan din ng Diyos ng isang pamilya.




**Tinulungan ng Diyos si Jacob na magsabing, "Ikinalulungkot ko."**

Sa wakas, sinabi ng Diyos na umuwi na si Jacob.
Ngunit ibig pa ring patayin ni Esau si Jacob.
Nagsama si **Esau** ng 400 katao sa pagsalubong kay Jacob.
Ikinalungkot ni Jacob ang ginawa niya kay Esau.
Ibig ni Jacob na siya'y patawarin ng kanyang kapatid.



- Humingi ng tulong sa Diyos si Jacob.
- Pinatawad ng Diyos si Jacob at tinawag na Israel.
- Tinulungan ng Diyos si Jacob para ipakita kay Esau ang kanyang pagkalungkot.
- Tinulungan ng Diyos si Esau para patawarin si Jacob.

Ang magkapatid ay naging mabuting magkaibigan uli.

**Tutulungan ka ng Diyos na magsabing, "Ikinalulungkot ko."**

Nalungkot ka na ba dahil sa nagawa mong di matuwid??
Maaaring mali ang ginawa mo sa isang kapwa.
Ibig mong ikaw ay patawarin at pagpalain ng Diyos.
Sabihin mo sa Diyos na ikaw ay nalulungkot.
Subalit dapat mong sabihin sa taong nasaktan mo,
'Ikinalulungkot ko.'

- Ikaw ay patatawarin at tutulungan ng Diyos.
- Tutulungan ka niyang makipagkaibigang muli sa iba.



**Isaulo ang panalanging ito**

Sa mga maling bagay na nagawa ko sa iba
Patawarin mo po ako, Panginoon.
Tulungan mo pong masabi ko,
"Ikinalulungkot ko."
Gawin mong kami ay maging magkaibigan
uli ngayon.

**Sagutin na ang Ulat ng Estudyante para sa Aralin 12**

International **Correspondence Institute**
Phil. National Office. P.O. Box 1084. Manila


ARALIN 12

# IKAW AY PATATAWARIN AT TUTULUNGAN NG DIYOS

## KAWILI–WILING GAWIN

**Alamin ang Sinabi ni Jacob.**

May sinabi si Jacob pagkagising niya matapos managinip. Isulat sa ilalim ng bawat larawan ang katapat na titik.



Sabihin sa sariling pangungusap kung paano mo nalalamang ikaw ay mahal ng Diyos.

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Guhitan buhat sa pangalan papunta sa tamang mga salita.**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Si Adan | • | • | ang ama nina Jacob at Esau |
| 2. Si Abram | • | • | ang nagbili ng pagpapala ng Diyos. |
| 3. Si Jesus | • | • | ang nanaginip ng hagdang abot sa langit. |
| 4. Si Jacob | • | • | ang namatay para ka maligtas. |
| 5. Si Esau | • | • | ang unang tao. |
| 6. Si Isaac | • | • | ang lumisan sa sariling bayan bilang pagsunod sa Diyos. |
| 7. Si Cain | • | • | ang pumatay sa kanyang kapatid. |
| 8. Ang Diyos | • | • | ay handang magpatawad at tumulong. |

**Matutulungan mo ang iba.**

May mga kaibigan ka bang nais mag-aral nitong MAHAL KA NG DIYOS? Isulat dito ang kanilang pangalan at tirahan. Padadalhan namin sila ng mga aralin. Gumamit ng ibang papel kung kailangan.

Pangalan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Tirahan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Ginawa mo bang lahat ang nasa araling ito? . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Isulat na malinaw ang pangalan mo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .


Marka . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084, MANILA

ARALIN 13

# SASAIYO ANG DIYOS



Tungkol sa Diyos — Ang Ating Pag-aralan

May mga taong nanakit sa mga umiibig sa Diyos.
Sasaiyo ang Diyos kahit ka nasaan.
Aayusin ng Diyos ang lahat sa ikabubuti mo.
Tutulungan ka ng Diyos na magpatawad sa nakasakit sa iyo.




Basahin mo ito sa Biblia.
Malakas na basahin nang 5 ulit

**Ang panginoon ni Jose. . . ipinatapon siya sa bilangguan. . . Ngunit ang Panginoon ay sumasa kay Jose. Genesis 39:20,21. Sinabi ni Jose. . . "Nagbalak kayo ng masama laban sa akin ngunit binalak ito ng Diyos sa ikabubuti." Genesis 50:19,20.**

Magagawa mo ba ito?
Bilugan ang tamang sagot.

1. Sino ang nabilanggo? si Isaac si Jose si Jacob
2. Sino ang kasama niya roon? si Jacob si Isaac ang Diyos
3. Saan ka tutulungan ng Diyos kung may taong nakasakit sa iyo?
   na magpatawad na gumanti
4. Sino ang kumikilos upang ang mga bagay ay makabuti sa iyo?
   ikaw ang Diyos

Mga Sagot

1. si Jose   2. ang Diyos   3. Na magpatawad   4. ang Diyos




Si Jose ay sinikap na saktan ng kanyang mga kapatid

Guhitan ang mga salita mula sa• hanggang sa •

Si Jose ay **isa sa labindalawang** anak ni Jacob.
Mahal ni Jacob si Jose
Binigyan niya si Jose ng **magandang** balabal.
Dahil dito, nainggit ang mga kapatid ni Jose.
Sila'y nagalit kay Jose.

Mahal ng Diyos si Jose at kinausap ito.
• Ipinakita ng Diyos kay Jose sa mga panaginip na ito'y gagawing dakilang pinuno
• Naniwala si Jose sa sinabi ng Diyos•
Isinalaysay niya sa kanyang mga kapatid ang mga panaginip niya. Lalo silang nagalit.



Binalak ng mga kapatid ni Jose na patayin siya.
Siya'y inihulog nila sa isang balon.
Pagkatapos, iniahon siya at ipinagbili bilang alipin. Sinabi nila kay Jacob na pinatay ng mabangis na hayop si Jose.

**Ang Diyos ay kasama ni Jose.**
Ang nakabili kay Jose ay dinala siya sa malayong lugar.
Doon, ipinagbili nila si Jose kay Potifar.
•Subalit kasama ni Jose ang Diyos sa bahay ni Potifar•
Tinulungan siya ng Diyos na gumawa ng maayos.
**Nalugod** ang Diyos kay Jose. Gayon din si Potifar.

**DIYOS**



Inakit ng asawa ni Potifar para magkasala si Jose.
Tumanggi si Jose.
Mahal niya ang Diyos.
Nagsinungaling ang babae tungkol kay Jose.
Ipinabilanggo ni Potifar si Jose.
• Ngunit kasama pa rin ni Jose ang Diyos. •


**Aayusin ng Diyos ang lahat sa ikabubuti.**

Isang araw, ipinatawag ng hari si Jose.
Nangusap ang Diyos sa hari sa isang panaginip.
Ngunit hindi maintindihan ng hari ang kahulugan niyon.
Sinabi ng Diyos kay Jose ang kahulugan ng panaginip.
Magkakaroon ng pitong taong pag-aani na sagana.
Susunod dito ang pitong taong kagutom.
Ang kahulugan ng panaginip ay sinabi ni Jose sa hari.



Si Jose ay ginawang gobernardor.
Dumating ang pitong taon ng kasaganaan.
Ipinatago ni Jose ang labis na pagkain.
Dumating ang pitong taon ng pagkagutom.
Ang mga tao ay **humingi ng** pagkain kay Jose.
Nakapagligtas ng maraming buhay si Jose sa tulong ng Diyos.

**Tinulungan ng Diyos si Jose na magpatawad.**



Dumating ang mga kapatid ni Jose para bumili ng pagkain.
• Tinulungan ng Diyos si Jose na magpatawad sa kasamaang ginawa nila sa kanya. •
Sila'y binigyan ni Jose ng pagkain at mahusay na lugar para tirhan. Mahal niya sila.
• Kumilos ang Diyos para sa kanyang ikakabuti. •
Anuman ang mangyari sa iyo, patuloy mong mahalin ang Diyos at dalanginan. •
• Patawarin mo ang mga taong nakasakit sa iyo.
Gagawa ang Diyos para sa iyong ikabubuti.



**Marami kang natutuhan sa mga araling ito.**

Natutuhan mong ikaw ay mahal ng Diyos.
Natutuhan mo na ang Diyos ay dakila at mabuti.
Nilalang ka ng Diyos at ibig niyang ikaw ay maging anak Niya.
Mabuti ang Diyos at ibig niyang maging mabuti rin ang Kanyang mga anak
Ibig ng Diyos na magmagandang-loob ka sa iba.
Si Jesus, ang Kordero ng Diyos, ay sinugo Niya upang mamatay para sa kasalanan mo.
Nais kang patawarin at pagpalain ng Diyos.



Ibig ng Diyos na tumira ka sa langit kasama Niya.
Ikaw ay iingatan ng Diyos saan ka man naroon.
Nais ng Diyos na sa kanya ka dadalangin at hindi sa mga ibang diyos.
Nais ng Diyos na siya'y sundin mo.
Totoong lagi ang sinasabi ng Diyos. Kung iibigin mo at susundin ang Diyos gagawa siya para ikabuti mo ang lahat ng bagay.
Pagpalain ka ng Diyos habang ikaw ay namumuhay na kasama siya at habang nakikipag-usap ka sa kanya tuwina.

**Panalangin:**
Diyos, alam ko pong ikaw ay nangungusap sa akin sa pamamagitan ng Biblia.

Iningatan mo si Jose, Pinagpala mo si Abraham. Lumakad ka at nakipag-usap kina Adan at Noe. Mahal mo ako. Ikaw ay kasama ko sa lahat ng dako

Pinatawad mo ang aking kasalanan gaya ng ginawa mo kay Jacob.

Pinatawad mo ang aking kasalanan gaya ng ginawa mo kay Jacob. Tulad ni Isaac, naligtas ako sa kamatayan dahil sa iyong Kordero. Tulad ni Enoc dadalhin mo ako sa langit.
Ako ay iyong anak. Iibigin kita kahit nasaan ako.



**Sagutin ngayon ang Ulat ng Estudyante para sa Aralin 13.**

**International Correspondence Institute**
**Phil. National Office, P.O. Box 1084, Manila**

ARALIN

# 13


International Correspondence Institute

# SASAIYO ANG DIYOS

## KAWILI-WILING GAWIN

Hanapin ang iyong landas sa kagubatan.

Simulan sa ibaba Basahin ang unang pangungusap. Kung itoy tama kumanan sa bilang 2. Kung mali ito, kumaliwa. Ganito ang gawin sa iba pa.




1. Mahal ni Jacob si Jose.
2. Si Jose ay mahal ng kanyang mga kapatid
3. Siya'y ipinagbili ng mga kapatid
4. Si Jose ay nabilanggo.
5. Nakalimutan ng Diyos si Jose.
6. Si Jose ay namatay sa bilangguan.
7. Ang Diyos ay sasaiyo.

Malinaw na isulat ang pangalan ..............................

Marka ..................................................

Kulayan ang larawan sa susunod na pahina.



# MAHAL KA NG DIYOS



International Correspondence Institute

ARALIN 14

# ANG DIYOS AY LALONG HIGIT MONG MAKIKILALA



Tungkol sa Diyos — Ang Ating Pag-aralan

Tutulungan ka ng Biblia na lalong makilala ang Diyos.
Tutulungan ka ni Jesus na lalong makilala ang Diyos.
Tutulungan ka ng Espiritu ng Diyos para lalong higit mo siyang makilala.
Tutulungan ka ng mga anak ng Diyos para lalong higit mo siyang makilala.
Lalong higit mong makikilala sa langit ang Diyos.




Basahin mo ito sa Biblia.
Malakas na basahin nang 5 ulit

**Ang Anak ng Diyos ay dumating at binigyan tayo ng unawa, upang makilala natin ang tunay na Diyos. 1 Juan 5:20. Sapagkat mahal na mahal ng Diyos ang sanlibutan kaya ibinigay niya ang kaisa-isa niyang Anak upang ang sinumang manalig sa kanya ay huwag mamatay kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. Juan 3:16.**

Magagawa mo ba ito?
Gumuhit mula sa kaliwa patungo sa tamang sagot.

| | |
|---|---|
| 1. Ang Anak ng Diyos ay • | • ang tutulong sa iyo para makilala Siya. |
| 2. Mahal na mahal ng Diyos • | • ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan |
| 3. Sinumang mananalig kay Jesus • | • si Jesu-Cristo |
| 4. Ang Espiritu ng Diyos • | • ang sanlibutan |

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Ang Anak ng Diyos ay | ang tutulong sa iyo para makilala Siya. |
| 2. | Mahal na mahal ng Diyos | ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan |
| 3. | Sinumang mananalig kay Jesus | si Jesu-Cristo |
| 4. | Ang Espiritu ng Diyos | ang sanlibutan |

**Tutulungan ka ng Biblia na lalong makilala ang Diyos.**

Ang Biblia ay maraming itinuturo tungkol sa Diyos.
Basahin araw-araw ang Biblia para lalong makilala ang Diyos.
•Ang Diyos ay mangungusap sa iyo sa pamamagitan ng kanyang aklat. •

# DIYOS

**Tutulungan ka ni Jesus na lalong makilala ang Diyos.**

•Ang Diyos ay tatlong **katauhang iisa:** Diyos Ama, si Jesus na Anak, at ang Espiritu Santo. •

•Kung **kasama** mo ang isa, ang tatlo'y nasa iyo. •

•Naging tao si Jesus upang tulungan tayo na makilala ang Diyos. •

Ang ina ni Jesus ay si Maria. na isang mabuting babae.
At si Jose ang asawa ni Maria.
Ngunit si Jose ay hindi ama ni Jesus. Ang Diyos ang Ama ni Jesus



•Nang ipanganak si Jesus, umawit ng papuri sa Diyos ang mga anghel. • Sinabi nila sa mga pastol na ipinanganak na ang Tagapagligtas.
Masayang-masaya ang mga pastol nang makita nila si Jesus.
Sinugo ng Diyos ang kanyang Anak upang maging kanilang Tagapagligtas.
•Ang Diyos ay nakisama sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang Anak. •





•Nang lumaki si Jesus, sinabi niya sa mga tao ang tungkol sa Diyos. Itinuro niya sa kanila ang bagay na nais gawin ng Diyos para sa mga tao.•
Hinipo Niya ang mga bulag at siia'y nakakita.
Pinagaling Niya ang maysakit, ang pilay, ang bingi.
Ang nalulungkot ay pinasaya at ang masama ay pinabuti.
Pati ang patay ay kanyang binuhay.
GinawaNiya ang lahat ng ipinagagawa ng Diyos.

•Si Jesus ay namatay sa krus upang iligtas tayo sa **kasalanan**. •
Inilibing siya ngunit muling nabuhay.
Nakita siya ng mga kaibigan ng umakyat sa langit.
•Siya'y babalik para roon sa umiibig sa Kanya – ang lahat ng tumanggap sa kanya bilang tagapagligtas. •
Ang mga namatay na ay muling mabubuhay
•**Dadalhin** tayo ni Jesus sa langit. •



**Tutulungan ka ng Espiritu ng Diyos para lalong higit mo siyang makilala.**

Sinugo ng Diyos ang kanyang Espiritu upang makapiling ng kanyang mga anak.
Ang Diyos ay kasama mo sa pamamagitan ng Espiritu Santo.
Kasama mo si Jesus sa pamamagitan ng Espiritu Santo.
•Tinutulungan ka ng Espiritu ng Diyos sa pakikipag-usap sa Diyos sa panalangin. •
Lalo mo Siyang makikilala a kung siya'y kakausapin mo.
Anyayahan mo ang Espiritu Santo na mamuhay sa iyo.
Tutulungan ka niyang mamuhay para sa Diyos at para lalo mo siyang makilala.



**Tutulungan ka ng mga anak ng Diyos para lalong higit mo Siyang makilala.**

Ibig ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay tumulong sa iba na makakilala sa Kanya. Dapat sabihin ng mga nakakilala kay Jesus ang tungkol sa Kanya, para malaman ng iba. Sila'y nagtitipon upang mag-aral ng Salita ng Diyos at upang manalangin. Sinasabi nila sa mga tao ang ginawa ng Diyos sa kanila.
•Makipagtipon sa kanila nang matuto pa tungkol sa Diyos.•
•Sabihin mo sa iyong mga kaibigan ang nalalaman mo tungkol sa Diyos para maligtas din sila at mapunta sa langit.





**Lalong higit mong makikilala sa langit ang Diyos.**

Pagdating mo sa langit, ang Diyos ay iyong makikita. Maririnig mo siyang magsalita sa iyo.• Maiintindihan mo ang maraming bagay na ngayon ay hindi mo pa alam.• Makikita mo na kahanga-hanga ang Diyos. Lalo mong makikilala ang Diyos at lalong iibigin At makakasama mo siya habang panahon.



**Panalangin:**

Salamat po, Diyos pagkat ako'y mahal Mo
At balang araw, Ikaw ay makikita ko.
Ama, Anak, at Espiritung Banal.
Mamuhay Ka sa aking katauhan.
Tulungan Mo akong masabi sa iba
Ang tungkol sa Iyo, nang **maligtas din sila**
Upang sila'y makapunta rin sa langit,
Kapag binalikan Mo kaming Iyong iniibig.



**Sagutin na ngayon ang Ulat ng Estudyante sa Aralin 14.**

International **Correspondence Institute**
Phil. National Office, P.O. Box 1084, Manila

ARALIN 14



# ANG DIYOS AY LALONG HIGIT MONG MAKIKILALA

## KAWILI–WILING GAWIN

Isaayos ang mga titik

Sa Juan 17:3 ay sinabi ni Jesus kung paano tayo magkakamit ng buhay na walang hanggan. Sa ilang salita rito, nagulo ang mga titik gaya ng Toi sa halip Ito at gna sa halip na ang. Iayos ang mga titik at isulat nang maayos ang mga pangungusap.

Toi gna bahuy na walang-hnaggna: an malikala ak ng mag toa,

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

ang tanyu na Diyos at is Jesu-Cristo na iyngo niguso.

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

**Isalaysay kung paano mo nakilala ang Diyos.**

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . .

MALIGAYANG BATI!

Natapos mo na ang kursong Mahal Ka Ng Diyos!

Mahal mo ang Diyos nang higit kaysa noong simulan mo ang mga araling ito? ......

Matututuhan mo pa ang maraming bagay tungkol sa Diyos at sa kanyang pag-ibig sa iyo sa ibang kurso ng International Correspondence Institute. Ibig mo bang tumanggap ng isa pang kurso ngayon?........ .

**Isulat na malinaw ang iyong pangalan, na nais mong mapalagay sa katibayan mo.**

..............................................................................

**Mga tanong, puna, kahilingan sa panalangin**

Isulat dito ang anumang tanong o puna sa mga aralin, o anumang ibig mong ipanalangin ng iyong guro. Gumamit ng ibang papel kung kailangan.

..............................................................................

..............................................................................

..............................................................................

..............................................................................

..............................................................................

..............................................................................

..............................................................................

**Muling basahin ang aralin 11, 12, 13, at 14.**
**Ipadala ito sa aming tanggapan.**

**Ginawa mo bang lahat ang nasa araling ito?** .........

**Marka**. . ..............................................

Bibigyan ng kaukulang antas ang iyong Papel ng Pagsusulit na ito at ibabalik sa iyo kalakip ang susunod na aralin. Ikagagalak naming tumanggap ng iyong mga liham. Isulat mo sa amin ang mga katanungang maaaring maisip mo habang pinag-aaralan mo ang kursong ito. IPADALA ITO SA:

ICI-PHILIPPINE NATIONAL OFFICE P.O. Box 1084, MANILA




INTERNATIONAL CORRESPONDENCE INSTITUTE
PHILIPPINE NATIONAL OFFICE
P.O. BOX 1084, MANILA

4/1000/10.90

E0600TA90